Anting-anting sa Kabite

Jeffrey Alfaro Lubang

Paunang salita ni

Prospero R. Covar, Ph.D.

ANTING-ANTING
SA
KABITE

Univ. of Washington Libraries



Tres Pico, isang popular na simbolo ng anting-anting

ANTING-ANTING
SA
KABITE

Jeffrey Alfaro Lubang

Departamento ng Agham Panlipunan
Kolehiyo ng Malalayang Sining
De La Salle University - Dasmariñas
Dasmariñas, Cavite

Proyekto ng
Cavite Studies Center
De La Salle University - Dasmariñas
Dasmariñas, Cavite

Inilathala ng
Cavite Historical Society, Inc.

2006

Unang Inilathala ng
Cavite Historical Society, Inc.

Karapatang ari © 2006 ni Jeffrey Alfaro Lubang
Reserbado ang lahat ng karapatan.
Maaaring sipiin ang ilang bahagi ng librong ito nang may pahintulot sa may-ari ng copyright.

Cataloging In Publication Data
Aklatang Emilio Aguinaldo
Mungkahing Datos sa Pagkakatalogo:

Lubang, Jeffrey Alfaro

Anting-anting sa Kabite / Jeffrey Alfaro Lubang

ISBN 971-92590-6-X

1. Amulets--Cavite. 2. Talismans--Cavite. 3. Charms. I. Title.
GR600.L8 2006
390-dc21

Disenyo ng pabalat ni Tita "Tata" V. Lim
Disenyo ng aklat ni Earl Vincent O. Octaviano



Tungkol sa pabalat:

Sto. Niñong hubad, mabisang pang-akit. Isa sa pinaka popular na iniingatan ng mga kalalakihan sa Kabite.

Ang nagbigay ng paunang salita:

Si Prospero R. Covar ay nagtapos ng A.B. Sociology at M.A. Sociology sa U.P. Pinag-aralan ang Iglesia Watawat ng Lahi na naging paksa ng kanyang Ph. D. dissertation sa University of Arizona. Una siya sa mga nag-aral ng mga katutubong mananampalataya sa Bundok Banahaw. Pinag-aralan din niya ang mga pagkaing panlasangan, pag-uukit sa Paete, Laguna, Anting-anting, pagkataong Pilipino, Florante at Laura, at Katipunan.

Pangunahin siyang propesor ng Agham Tao at Pilipinolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.

PAUNANG SALITA

Binubuo ng tatlong bahagi ang mundong iniikutan ng sangkatauhan: (1) kabatlayaan, (2) kalikasan, at (3) kalikhaan. Ang kabatlayaan ang daigdig ng kadiosan, kaanituhan, at kalalangan.

Kalikasan ang turing sa mga lupa, hangin, tubig, halaman at hayop. Ang mga ito ay dinatnan ng tao sa mundo. Kalikhaan ang bahagi ng ating kapaligiran na likha ng tao. Nagtatalaban ang mga salik sa loob ng ating kosmolohiya.

Sa kosmolohiya ng Kristiano, ang Dios ang lumalang ng lahat. Ang Kaniyang nilalang ay binigyan ng kani-kaniyang kapangyarihan, kaya nga't ang anghel ay mas mataas ng bahagya ang uri kaysa sa tao. Ang mga kapangyarihan gaya ng diwata, tikbalang, nuno sa punso, duwende, engkanto, serena, atb., ay nakikialam din sa pamumuhay ng tao. Ang halaman, hayop, at pisikal na kapaligiran ay may biyaya ring ipinagkakaloob sa sangkatauhan.

Ang anting-anting ay may potensiya sa kabutihan at kasamaan. Ipinagkaloob ito sa mga taong kusang naghahanap at nangangailangan. Ang anting-anting ay binubuhay sa pamamagitan ng pagkokonsagra—isang pribado at pansariling ritwal. Pinakakain ng dasal ang anting-anting upang mapanatili ang bisa nito. Ginagamit ang anting-anting kung ang may-dala ay nasusukol. Hinding-hindi ginagamit ang anting-anting para makasama ng kapwa. May matinding kadahilanan ang gamit ng anting-anting sa kasamaan gaya ng paghihiganti.

Sa aklat na ito ni G. Jeffrey Alfaro Lubang na pinuok sa Kabite, nakapaloob ang kalinangan ng anting-anting. Sa mambabasa na hindi naniniwala sa anting-anting, maituturing ang akda ni Jeffrey na kuwentong-bayan na may mahalagang kaugnayan sa kasaysayang-bayan at panitikan ng bansa.

Ang mundo ng Pilipino ay balintuna. Habang umaangat ang buhay intelektuwal, ekonomik at pulitika, hindi napapawi ang paniniwala ng tao sa mga makabatlayaang karanasan.

Mahalagang ambag sa kaalamang-bayan ang Anting-anting sa Kabite.

Prospero R. Covar

G. Prospero R. Covar, Ph.D.
Propesor ng Aghamtao
1 Disyembre 2005

SALIKSIK SA ANTING-ANTING

Nagagalak ang Cavite Studies Center (CSC) ng De La Salle University - Dasmariñas sapagkat sa kauna-unahang pagkakataon ay nailathala sa pakikipagtulungan ng Cavite Historical Society ang isa sa mga proyekto nito tungkol sa pag-aaral ng anting-anting sa lalawigan ng Kabite. Ang publikasyong ito na pinamagatang "Anting-anting sa Kabite" na sinulat ni G. Jeffrey Alfaro Lubang (guro ng kasaysayan sa DLSU-D) ay mauugat sa kanyang mga naunang pag-aaral ukol sa mga simbolismo sa Kabite na napasama sa kanyang tesis pangmasterado at ilang papel na binasa sa mga kumperensyang rehiyonal at pambansa. Ito ay nadagdagan pa ng mga karagdagang pagsasaliksik sa iba't ibang bayan sa Kabite buhat ng siya'y maging bahagi ng Cavite Studies Center sa De La Salle University - Dasmariñas.

Noong Setyembre ng nakaraang taon, ang mga pagsusumikap ni G. Lubang na itanyag ang iba't ibang paniniwala at simbolismo sa Kabite ay naisakatuparan nang pangunahan ng CSC ang isang *Anting-anting Festival* na binubuo ng mga lektura, eksibit, *film viewing*, at talakayan. Dahil sa mga gawaing ito kaya higit na naunawaan ang katuturan, kahalagahan, at kasaysayan ng anting-anting sa Kabite.

Bilang tagapagsulong ng kasaysayan at kultura ng mga Kabitenyo, ang Cavite Studies Center sa pakikipagtulungan ng Cavite Historical Society ay ipinalimbag ang pag-aaral ni G. Lubang tungkol sa anting-anting. Ito'y isang paraan upang higit na maunawaan ng madla ang kasaysayan at kultura ng pag-aanting-anting sa Kabite. Inaasahan ng Cavite Studies Center na sa pamamagitan ng publikasyong ito ay madaragdagan ang kalipunan ng mga literaturang nakapokus sa pag-aaral ng anting-anting sa buong bansa at lalong lalalim ang pag-unawa sa kultura ng pag-aanting-anting sa lokal na lebel.

Emmanuel F. Calairo, Ph. D.
Director, Cavite Studies Center
De La Salle University-Dasmariñas

MULA SA MAY-AKDA

Ang proyektong ito ay nakasentro lamang sa umiiral na mga kuwento, paniniwala, at pagtanggap sa anting-anting sa lalawigan ng Kabite. Hindi kumpleto ang kuwento ng anting-anting sa Kabite kung hindi kasama ang kuwento ng buhay ni Leonardo Manicio o Nardong Putik. Sa aking pagsasaliksik tungkol sa kultura ng paniniwala sa paksaing ito, naglaan ako ng ilang panahon upang puntahan ang iba't ibang kinikilalang nag-iingat ng mga anting- anting. Ang aking layunin ay upang maunawaan ang isang uri ng paniniwala mula sa pananaw ng mga katutubo, partikular na iyong mga taong pinaniniwalaang nagsasanay nito sa kanilang pang araw-araw na pamumuhay, gayundin, iyong mga taong mayroong personal na karanasan sa mga anting-anting.

Ang anting-anting ay bahagi ng kasaysayan ng Kabite. Si Leonardo Manicio, isang popular na "Robinhood" ng Kabite ay kilalang nag-ingat ng mga anting-anting. Sa katunayan, naging bantog siya nang maisapelikula ang kanyang tunay na buhay. Si Ramon Revilla, isang sikat na artistang Kabitenyo ay gumawa ng maraming pelikulang bakbakan na tumatalakay sa mga anting-anting na taglay ng iba pang Kabitenyo. Popular ang paniniwala sa anting-anting sa lalawigan ng Kabite.

Maraming tawag sa uri ng kapangyarihang ito nguni't ginamit ko ang salitang anting-anting para sa proyektong ito bilang pangtukoy sa nasabing uri ng kapangyarihan. Sisilipin nito ang pangsitwasyong pinagbabaunan ng pangkulturang pagsasanay at paniniwala sa anting-anting at ang kritikal na kaugnayan nito sa pang-araw-araw na buhay ng mga naniniwala rito sa Kabite.

MGA PINAGKAKAUTANGANG-LOOB

Ang Panginoon una sa lahat;

Mga Institusyon: Pamantasang De La Salle-Dasmariñas, Departamento ng Araling Sining-Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, Cavite Historical Society, at Bedrock Development Corporation;

Mga Indibidwal: G. Cesar E.A. Virata, Dr. Emmanuel F. Calairo, Dr. Prospero R. Covar, Dr. Estrellita V. Gruenberg, Dr. Veronidia L. De Leon, Dr. Mark Edwin T. Aspra, Dr. Jose "Joey" A. Arrogante, Prop. Teresita P. Unabia, Prop. Roland Lorenzo M. Ruben, Bb. Mary Ann Q. Jimenez, Gng. Merlene S. Magbanua, Gng.Natividad Gulapa, Gng.Clarita Anglo, Gng.Francisca Bergado, G. Frank Dadula, Gng. Esther Manicio Dadula, Bb. Beatriz Magsino, G. Ramon Revilla, Gng. Marcelina "Lina" F. Herrera, G. Frank M. Lubang, Gng. Amelia S. Viniegra, G. Joselito "Joey" P. Porteria, G. Lamberto "Jun" F. Maglaqui, Jr., G. Albert Trias, Dr. Oscar R. Malimban, Prop. Evangeline A. Encabo, Prop. Marilyn V. Abrera, Prop. Irene V. Gonzaga, G. Gregorio Maraña, G. Teodolo Maturino, G. Alberto Mojica, G. Augusto Nigoza, Gng. Filomena Nuestro, G. Virgilio "Boy Noneng" Alba, Kuya "Sit", G. Ogie Caber, G. Teodoro Diesta, Gng. Valentina Cruto, G. Lauro Sison, G. Romy at Tess Janairo, Bb. Evanne P. Lumacad, Dr. Patrick D. Flores, Dr. Alice G. Guillermo, Dr. Brenda V. Fajardo, Dr. Norma Respicio, Dr. Cecilia S.M. de la Paz, Dr. Efren R. Abueg, Michael Francisco, Neriza Villanueva, Mylene Delatado, Joshua Duban, at Earl Vincent Octaviano.

Mga kaibigan…Christopher "TX" Custodio, Noel P. Moral, Josefina S. Pineda, Juliet Bien, at Wency Camingay.

Sa lahat ng inabala ko para sa proyektong ito…marami pong salamat sa inyo!

Sa aking Nanay na si Lydia;
mga kapatid: Crecy, Glenn, at William;
mga pamangkin at apo: Derrick, Arlene, Desiree, Daryll Patrick, at Denise Zarene.

At kay Cecilia, Angel, at Gelo "Jeffrey Jr."
mga inspirasyon ko sa buhay

MGA PINAGKAKAUTANGANG-LOOB

Ang Panginoon una sa lahat;

Mga Institusyon: Pamantasang De La Salle-Dasmariñas, Departmento ng Araling Sining-Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, Cavite Historical Society, at Bedrock Development Corporation;

Mga Indibidwal: G. Cesar E.A. Virata, Dr. Em[illegible] R. Covar, Dr. Estrellita V. Gruenberg, Dr. Veronilla L. De Leon, Dr. Mark Edwin T. Aspra, Dr. Jose [illegible] Prop. Roland Lorenzo M. Ruben, Bb. Mary Ann Q. Jimenez, Gng. Ma[illegible] G. Frank Dadula, Gng. Esther Mamero Dadula, Bb. Beatriz Magsino, G. Ramon Revilla, Gng. Marcelina "Lina" F. Herrera, G. Frank M. Lubang, Gng. Amelia S. Vinegas, G. Joselito "Jooy" P. Porteria, G. Lamberto "Jun" F. Mentauni, Jr., G. Albert Trias, Dr. Oscar R. Malimban, Prop. Evangeline A. Encabo, Prop. Marilyn V. Abrera, Prop. Ireño V. Gonzaga, G. Gregorio Marañan, G. Teodolo Maurumo, G. Alberto Mojica, G. Augusto Nigoza, Gng. Filomena Nuestro, G. Virgilio "Boy Noncing" Alba, Kuya "Sit", G. Ogie Caber, G. Teodoro Diesta, Gng. Valentina Crito, G. Lauro Sison, G. Romy at Tess Jasmin, Bb. Evanne P. Lumacad, Dr. Patrick D. Flores, Dr. Alice G. Guillermo, Dr. Brenda V. Fajardo, Dr. Norma Respicio, Dr. Cecilia S.M. de la Paz, Dr. Efren R. Abueg, [illegible] at Carl Vincent Octaviano.

Mga kaibigan…Christopher "TX" Cusurao, Noel P. Moral, Josefina S. Pineda, Juliet Bico, at Wency Camiigny.

Sa lahat ng maisa-isa ko pa sa proyektong ito…marami pong salamat sa inyo!

NILALAMAN

v Paunang Salita

vii Saliksik sa Anting-anting

ix Mula sa May-Akda

x Mga Pinagkakautangang-Loob

xi Pag-aalay

1 Kaugnayan ng Anting-anting sa mga Taong-labas ng Kabite

35 Samu't Saring Kuwento ng Anting-anting

58 **Apendiks A**: Ilang Pelikula ni Ramon Revilla na Tumatalakay sa Anting-anting

59 **Apendiks B**:Panayam kay Esther Manicio

63 **Apendiks K**: Panayam kay Virgilio "Boy" Alba

71 Talahuli

75 Sanggunian

77 Glosari

78 Indeks



KAUGNAYAN NG ANTING-ANTING SA MGA TAONG-LABAS NG KABITE

Laganap hindi lamang sa Katagalugan ang paniniwala sa anting-anting. Maging sa buong Pilipinas - sa Kabisayaan, sa Mindanao at sa bandang Norte ay matatagpuan ang mga anting-anting.[1] Ang mga samahang mag-aanting-anting ay mayroong malalim na tradisyon sa kasaysayan ng Pilipinas. Mayroong mga samahang panrelihiyon na nagkakabuklud-buklod dahil sa kanilang mga pinag-isang paniniwala sa mga hindi maipaliwanag na kapangyarihan. Ang dating pangulong Ferdinand E. Marcos ay pinaniniwalaang nag-ingat din ng mga anting-anting kung kaya matagumpay ang kanyang mga pakikipaglaban at ito rin ang nagdala ng mabuting kalusugan, kayamanan at magandang kapalaran sa kanya.[2] Pananampalataya ang pangunahing dahilan kung bakit may bisa ang mga anting-anting.[3] Ang mga taga-Kabite, kahit noong panahon pa ng mga Kastila ay mayroon nang malakas na ugnayan sa mga supernatyural na kapangyarihan katulad ng mga anting-anting. Bilang bahagi ng pag-aaral na ito, nabatid mula sa mga naisulat ni Isagani R. Medina, na ang kasaysayan ng anting-anting sa Kabite ay nakaugnay pa rin sa *Tulisanismo.* Ang rebolusyunaryong samahan noong panahon ni Hen. Emilio Aguinaldo ay mayroong makulay na ugnayan sa paksain na anting-anting. Pinaniniwalaang si Heneral Emilio Aguinaldo ay nag-iingat ng mga anting-anting kung kaya't marami sa kanyang pakikipaglaban noong panahon ng rebolusyon ay matagumpay.[4] Katulad ni Aguinaldo, si Hen. Miguel Malvar, isa ring rebolusyunaryo noong panahon ng Kastila at Amerikano na nagmula sa kanugnog na lalawigan ng Batangas ay pinaniniwalaan din na nag-ingat ng anting-anting. Sinasabing kahit siya



Mutya ng Tubig, pampalamig ng ulo at pamatid-uhaw

kaliwa: Mutya ng Birhen, pampalubag-loob sa tao
Ibaba: Kahoy ng Sinukuan, pampalubag-loob din sa tao



ay napaliligiran na ng mga kaaway ay hindi siya tinatalaban ng bala. Kahit barilin, nagagawa pa raw nitong makatalilis nang hindi nakikita ng mga kaaway.[5]

Dalawang uri ang namamayani tungkol sa paksaing ito: una, ang anting-anting para sa panggagamot at ikalawa, ang anting-anting bilang instrumento laban sa mga kaaway. Sa dami ng uri ng mga anting-anting sa Kabite ay hindi mahirap na makakilala ng mga taong may angkin o taglay nito. Sa Kabite, pangkaraniwan na ang mga manghihilot (mga taong biniyayaan ng galing na makapanghilot ng mga nababaliang buto sa katawan), mangtatawas (mga taong nakapagpapagaling sa pamamagitan ng tawas at dasal) at mambabales (mga taong iniiwasan dahil nakapagpapasakit ng tiyan kapag nasalubong silang gutom) ay hindi na pansin ang pinagmulan ng mga ito. Sa kasalukuyan, marami sa mga kilalang manghihilot katulad ni Jacinto Leuterio (kilala bilang Lolo Sinto) ng San Juan I, Heneral Trias, Kabite ay yumao na. Ang ganitong gawain ay ipinapatuloy ng kanilang mga anak o kapamilya. Sa pagsasaliksik, bukod sa mga naisulat na, maraming natuklasan ang

may-akda na iba't ibang uri ng "galing" o kapangyarihan. Ang bawat taong may taglay na anting-anting o gamit[6] ay mayroong sari-sariling kakayahan.

Ang mga kilalang taong-labas ng Kabite ay sinasabing mayroong taglay na mga proteksyon sa katawan. Ayon kay Reynaldo C. Ileto, mahalaga ang naging papel ng mga anting-anting sa mga katutubong nakipagtunggali katulad ng mga pisanteng rebelde, mandarambong, kawal at mga heneral ng rebolusyon ng panahon ng mga Kastila. Isa sa mga mahahalagang panahon ng pagkakaroon at pagsusubok sa bisa ng anting-anting ay tuwing sasapit ang mahal na araw.[7] Kahit noong panahon ng mga Amerikano, ilan sa mga pinuno kagaya ni Dionisio ng Negros o mas kilala sa tawag na *Papa Isio* ay naging bantog sa kanyang samahang milenaryo bilang nag-iingat ng mga anting-anting na ibinabahagi niya sa kanyang kapatiran.[8]

Ang Panunulisan: Ayon sa mga Tala ng Kasaysayan ng Kabite

Kilala sa katapangan ang mga taga-Kabite. Mula sa panahon ng rebolusyon noong 1896, sa panahon ng pananakop ng mga Kastila ay marami nang naitalang mga pag-aaklas na naganap sa lalawigang ito. Ang malakas na impluwensiya ng rebolusyunaryong samahan nina Andres Bonifacio (Magdiwang) at Emilio Aguinaldo (Magdalo) ay madaling tinanggap ng mga taga-Kabite. Pagsasarili ang pangunahing tangkain nito. Ayon kay Brenda V. Fajardo, may mahalagang ginampanan ang anting-anting sa mga politikal at mapanghimagsik na mga kilusan na nag-anyong mga samahang pangrelihiyon.[9] Marami sa mga sumapi ay nagmula sa mahihirap na pamilya. Nais nila ng katarungan mula sa kaapihang natamo sa mga naghaharing mananakop.

Ang hindi patas na pamamalakad sa trabaho, maliit na pasahod at labis na kalupitan ang ilan sa mga pangunahing kadahilanan kung kaya't sila ay nahikayat na mag-aklas. Marami sa kanila ang nagkubli sa mga liblib na lugar at lumaban sa mga Kastila. Naging madugo ang kabanatang ito sa kasaysayan ng lalawigan ng Kabite.

Matapos ang pananakop ng mga Kastila ay dumating naman ang mga Amerikano. Walang masyadong pagbabago na naganap sa ilalim ng kanilang pananakop sa Pilipinas. Marami pa rin sa mga mahihirap ang nanatili sa ganoong kalagayan. Pagsasaka pa rin ang pangunahing pinagmumulan ng kabuhayan ng mga taga-Kabite. Ang pagmamay-ari ng mga lupaing pansakahan ay nalipat mula sa mga prayleng Kastila hanggang sa mga *Inquilinos,* na kadalasa'y mestisong Intsik na mayroong malakas na kapit sa mga prayleng Kastila. Sa pagdating ng mga bagong kolonyalista, nagpatuloy ang kanilang pakikinabang sa malalaking lupaing pansakahan sa lalawigan. Ilan sa mga namuno sa pakikipaglaban sa rebolusyon ay kumapit sa mga Amerikano.[10] Hindi nakinabang ang mga mahihirap na nakisali sa pag-aaklas. Nanatili silang mga manggagawa o kasama sa mga bukirin.

Ang ilan sa mga nakipaglaban sa pamahalaang Kastila ay nanatiling nakakubli sa malalayong kabundukan at nagmatyag na lamang mula sa kanilang kinaroroonan. Walang ipinagbago ang uri ng pamamalakad sa ilalim ng mga bagong pamunuan. Patuloy ang kaapihan at ang pang-aabuso. Sa pagkakataong ito mga Pilipino laban sa kapwa Pilipino na ang sigalot na nagaganap. Marami sa mga namundok ang tuluyang nanatili roon. At dahil sa paniniwalang wala ring mabuting idudulot ang kanilang pagbaba sa kabundukan, namuhay na lamang sila ayon sa kanilang sariling uri ng pamamalakad. Mas

Mutya ng Birheng Nagpapasuso, mahusay sa lahat ng bagay



dumami ang sumapi sa mga taong-labas.

Ayon kay Isagani R. Medina, isang kilalang iskolar at propesor ng kasaysayan sa Unibersidad ng Pilipinas na siyang sumulat ng *Cavite Before the Revolution* (1994), ang lalawigang ito ay kilala sa mga tulisan mula pa noong panahon ng mga Kastila at ang kanyang pag-aaral ay tinawag niyang *"Tulisanismo"*. Isang buong kabanata ang kanyang isinulat para sa paksaing ito. Ang kuwento ng mga tulisan sa Kabite ay hindi na bago sa taal na mga tagaroon. May isang bayan sa Kabite na ang pangalan ay Maragondon na siyang pinakamalaking bayan dito. Pinagkukutaan ito noon ng mga taong-labas sapagkat ang bayang ito ay napaliligiran ng mga kabundukan na siyang nagsisilbing taguan. Ang mga bayan ng Heneral Trias (dating San Francisco de Malabon), Imus, Dasmariñas at yaong mga bayang matatagpuan sa bandang itaas (*Upland towns*) ng lalawigan ay pinamumugaran din



Mutya ng Asogeng Buhay, mahusay sa negosyo at pampalubag-loob sa tao

ng mga taong ito.

Ang buong lalawigan ayon pa rin kay Medina, sa kanyang nasabing aklat ay itinuturing na, "*La madre de los ladrones*" o "Ina ng mga magnanakaw" sa dahilang napakaraming krimen ang nagaganap dahil sa mga organisadong samahan ng mga taong-labas. Ang kanilang buhay ay hindi lamang sa buong lalawigan umiinog, sila ay nakakarating rin sa ibang kanugnog lalawigan katulad ng Laguna at Batangas.

Isa sa mga kilalang taong-labas sa Kabite noong ikalabinsiyam na siglo ay si Luis de los Santos o mas kilala bilang Luis Parang na tubong Kawit. Kilala si Luis Parang dahil sa kanyang angking katapangan.[11] Madalas, ang pagiging marahas ng mga tulisan ay bunga ng kaapihan at pagmamalabis ng mga nasa kapangyarihan. Sinasalungat nila ang mga batas ng awtoridad dahil para sa kanila ay walang hustisya para sa mga mahihirap. Kaya sila ay naghihiganti at inilalagay sa sariling mga kamay ang batas at pagkatapos noon ay nagtatago na sa mga may kapangyarihan.

Ang konsepto ng *vendetta* o paghihiganti ay isa ring ugat ng karahasan at dahilan ng panunulisan sa Kabite. Ang walang katapusang paghihiganti dahil sa pagkamatay ng isang kaanak ay umiiral sa mga baryo ng Bacao (Heneral Trias)[12] at Ligtong (Rosario)[13] kahit hanggang mga dekada otsenta. Marami sa mga kalalakihang miyembro ng mga nag-aaway na pamilya ay nangamatay na dahil sa pag-uubusan ng lahi. Pulitika at kapangyarihan ang madalas na sanhi ng ganitong sigalot ng mga angkan sa Kabite. Ang mga tulisan o mas tinatawag na taong-labas – isang katagang katutubo, ayon kay Francis A. Gealogo ay "ginagamit sa pagpapahiwatig ng pagtahan sa labas ng kaayusan sa lipunan."[14] Dahil sila nga raw ay mayroong sariling batas na pinaiiral at hindi kabilang sa lehitimong lipunan, nakikibaka sila dahil sa kanilang sinapit na mga kaapihan sa buhay. Marami silang mga pinagdaanang pakikipaglaban sa mga alagad ng batas. Ang mga ito ay kilalang matatapang at dahil dito sila ay lubos na kinakatakutan ng marami. Ang mabalitaan lamang na sila'y nasa isang lugar at doon nagtatago o "nagpapanaguan" ay sapat na dahilan upang ang mga taong nakatira sa may paligid roon ay magpulasan sa pag-alis. Sila ay natatakot at nangangamba na matamaan ng bala ng mga baril kung sakaling magka-enkwentro ang mga taong-labas at ang mga alagad ng batas.[15] Ang kuwento ng buhay ng mga taong-labas ay iba't iba. Marami sa kanila ay hindi nagmula sa nakaririwasang pamilya at hindi nakapag-aral. Sila ay mayroong sariling mga tauhan o kasamahan na parang isang tropa o *gang* na kapwa nila mahirap at nagtatago rin sa batas. Ang pagbubuo nila ng isang samahan ay

tinitingnan nilang mas mabisang paraan upang mahirapan silang hulihin ng mga awtoridad. Bukod pa rito ay ang dahilan na sila ay mas malakas at makapangyarihan kapag pinagsama-sama. Ang mga taong-labas ay nakikisangkot sa pagnanakaw ng kalabaw (*cattle rustling*) o iba pang alagang hayop, panggagabot (*abduction of women*), pangingikil sa mayayamang may lupaing pansakahan o taniman, pangingidnap upang ipatubos at panloloob ng mga kabahayan. Ang mga hayop na ninanakaw ay madalas hindi na naibabalik pa. Ang mga ito ay kinakatay upang kainin o pinapatuyo ng may asin upang ipagbili bilang tapa sa mga mangangalakal na Intsik. Minsan naman ang mga ito ay itinatawid sa ibang lalawigan.[16]

Ang mga taong-labas ay naging isang mabigat na sakit ng ulo ng pamahalaan kahit noon pa mang panahon ng mga Kastila. Ang pagnanakaw ng mga alagang hayop, lalung-lalo na ng mga kalabaw at baka ang siyang pinakamadalas. Ang mga hayop kalimitan ay doon na rin kinakatay ng mga taong-labas at ipinagbibili sa palengke.

Noong kapanahunan ng mga Hukbalahap[17], ang pagnanakaw ng mga alagang hayop ay nangyayari upang gawing pagkain ng mga kasapi ng samahan, na nagtatago sa kabundukan at bumababa lamang kapag hatinggabi o madaling-araw.

Ang mga bayan sa lalawigan ng Kabite, kung saan kadalasa'y matatagpuan ang mga hacienda na pag-aari ng mga paring Kastila[18], ay pinamumugaran ng mga taong-labas sapagkat sila ay hindi kuntento sa pamamalakad at labis na pang-aapi ng mga may ari ng hacienda. Ang kuwento ni Leonardo Manicio ay hindi naiiba sa kuwento ng nakararami sa mga taong-labas ng Kabite. Ang mga elemento ay halos magkakatulad: kaapihan, paghihiganti, karahasan, anting-anting, kabutihan sa kapwa mahirap, maromansang buhay (dahil sa pagkakaroon ng ilang pamilya habang nagtatago sa batas) at kapangyarihan. Ang mga katangiang ito ang mga sahog ng buhay ng isang katulad ni Manicio - mga katangiang taglay nila at karugtong na ng kanilang mga pusod. Halos iisang kuwento, nagkakaiba nga lamang sa mga pinagsimulan nguni't iisa ang kinahantungan: trahedya o kamatayan.

Mutya ng Sampalok, pampaakit at panghalina

Ang Anting-anting sa Buhay ng mga Tulisan

Naging mahalagang talakayin sa mga pahayagan, radyo at telebisyon mula noon at magpahanggang ngayon ang tungkol sa buhay ng mga taong kaaway ng batas. Ang buhay ng mga tao mula sa iba't ibang larangan o antas ng buhay ay isang napakahalagang paksain sa pag-aaral ng kasaysayan. Ayon kay Resil B. Mojares, isang kilalang iskolar, ang pagsasalaysay daw ng isang buhay ay pagpapakita ng isang mundo na kung saan ang buhay na iyon ay nakabaon sa pagpapakita ng mga katotohanan tungkol sa isang buhay, ang nagsasalaysay ay nagkukuwestyon, bumubuo at nagpapatibay sa nabanggit na mundong tinatalakay.[19] Ang pagbatid sa iba't ibang uri ng buhay ay isang magandang karanasang pangkaalaman para sa atin. Ang ayon sa matandang kasabihan na ang mabuti'y pulutin at ang masama'y iwaksi ay angkop na panuntunan at batayan sa pagsusuri ng buhay-buhay ng mga tao. Ang mga teksto sa paaralan ay tumatalakay ng buhay ng mga pambansang bayani, ang simbahan ay ipinagpaparangal ang buhay ng mga banal at ang mga tunay na buhay ng mga taong may mga armas ay isinasapelikula at libu- libong bayograpiya ng mga pulitiko ang ipinamumudmod kapag halalan.[20]

Ang pagsusulat ng isang talambuhay ay maaaring magmula sa mga panayam, sulat, aklat at iba pang maaaring pagkuhanan ng tala kagaya ng mga puntod at simbahan. Ang tala ng buhay nina Bibiano "Bianong Bulag" Anglo, Eliodoro "Doring" Bergado, Patrocinio Gulapa, at Leonardo Manicio ay hinugot sa iba't ibang maaaring pagmulan na ang mga halimbawa'y ang mga nabanggit. Malayang pumili ang nagsasalaysay kung alin sa mga aspekto ng buhay na tinatalakay ang isasama sa kanyang pagsasalaysay. Sa pag-aaral na ito ay napiling suriin ang pagiging taong-labas o kaibigan, pagiging ama, mangingibig at ang konsepto ng kapangyarihan na maaaring kaugnay sa buhay ng mga binanggit (o kung ano ang mga natatandaan ng mga kinapanayam).

Ilan sa mga pelikulang bakbakan na hinango sa tunay na buhay ng mga taga- Kabite na ginawa ni Ramon Revilla ay mayroong halong kuwento tungkol sa mga taglay na anting-anting ng mga taong isinapelikula ayon sa mga salaysay o kuwento tungkol sa kanila ng kanilang naiwang asawa o kamag-anakan.

Si Bibiano Anglo na Mas Kilala Bilang Bianong Bulag

Isinilang sa Maragondon, Kabite noong ika-20 ng Enero, 1926, si Bianong Bulag ay nakilala dahil sa kanyang pagkakasangkot sa *Don Vicente Araneta Kidnapping incident* noong 1949 sa Maragondon, Kabite. Ang aking nakapanayam para sa kanyang naging buhay-tulisan ay ang kanyang asawang si Clarita.[21] Makalawang ulit nang nabiyuda si Lola Claring (kanyang palayaw) at ayon sa kanya, siya ay biktima ng "gabot", isang sapilitang pagpapakasal sa isang lalaki na kabaligtaran ng "pikot". Ayon sa kanya, sa labis na takot ay napilitan ang kanyang mga magulang na ipakasal siya kay Bianong Bulag dahil ito ay nasasandatahan at maraming mga tauhan kapag umaaligid sa kanilang bahay. Ang kanilang pagsasama ay nagbunga ng dalawang anak na lalaki na sina Hilario (panganay) at Catalino (bunso), nguni't nangamatay na ang mga ito. Ang kanilang mga naiwang pamilya ay naninirahan sa Labac at Malainen Bago sa Naik. Si Lola Claring ay

disisais anyos nang gabutin ni Bianong Bulag na ayon sa kanyang natatandaang kuwento ay natusok daw sa kanang mata ng isang matulis na bagay kung kaya nabulag noong bata pa ito.

Mahiyain si Biano

Sa buong pagkakaalam ni Lola Claring, si Biano ay kaanib daw ng samahang Hukbalahap.[22] Sa loob ng panahon na si Lola Claring ay inaaligiran ni Biano, hindi man lamang niya nasilayan ito. Gumagamit si Biano ng isang kasamahan, na nagngangalang "Apolonio" bilang tulay sa panunuyo sa kanya, at noong siya ay sapilitang ipinakasal kay Biano ay nagpahaba siya ng kuko upang kanyang magamit kapag siya ay pinagtatangkaang tabihan ni Biano. Hindi kasi niya matanggap na may asawa na siya dahil hindi man lamang niya mararanasan ang magbuhay dalaga. Nang lumaon, pinayagan na rin niyang tumabi sa kanya si Biano. Mula noon ay nakilala na niya nang lubusan ang kanyang napangasawang kinikilalang siga-siga sa kanilang lugar na kalaunan ay naging isang tulisan.

Bakit naging Tulisan?

Matapang na lalaki si Biano at kahit tahimik, ito rin daw ay palakaibigan, at mahusay makisama sa kapwa. Noong mga panahong katatapos pa lamang ng pananakop ng mga Hapones at kapapalaya pa lamang ng mga Amerikano sa Pilipinas, napakahirap ng buhay sa kanilang bayan. Marami sa mga alagang hayop ng mga magbubukid ay ninanakaw upang ang karne ay maipagbili sa palengke. Ang "cattle rustling" ay talamak sa buong lalawigan ng Kabite. Si Biano, bilang

"Pagkabuhay", medalyon ng mataas na kapangyarihan, kadalasang ginagamit sa pakikipaglaban





Mutya ng Buwan, proteksyon at tanglaw

isang mabait na mamamayan ng bayan ay palaging nakatutulong sa pagbawi ng mga ninakaw na hayop sa kanilang lugar. Gayun pa man, napagbintangan pa siyang kasabwat sa mga nakawang nagaganap sa kanilang lugar kung kaya't siya ay pinarusahan ng punongbayan.

Isa pang insidenteng natatandaan ni Lola Claring na nagtulak kay Biano na maging tulisan ay ang pambabastos sa kanya ng isang Philippine Constabulary (PC) na tagabantay sa kulungan ni Biano sa Maragondon. Nakita ni Biano ang paghawak sa braso at paghimas sa ulo ng nasabing bantay kay Lola Claring, kung kaya nang makalaya ay binalikan ito ni Biano at pinatay. Magmula noon ay dumalang na ang kanyang pag-uwi at tuluyan nang namundok. Nasangkot din siya sa isang malaking kaso na naging laman ng mga pahayagan.

Totoo man o hindi ang mga bintang sa kanya, ang karanasang iyon ang nagpabago sa buhay ni Biano bilang kasapi ng Hukbalahap-siya ay naging tulisan o taong-labas.

Iniingatang mga Gamit

Ayon pa rin sa kwento ni Lola Claring, si Biano ay may iningatang tsaleko (vest) at kuwintas na may maliit na rebulto ni Kristong ang mata ay kumikislap. Naniniwala silang mabisang sandata ang mga iyon ng kanyang yumaong asawa laban sa mga kaaway. Hindi na matandaan ni Lola Claring kung ano ang nangyari sa mga iniingatang anting-anting ni Biano pagkamatay nito, subalit naaalaala pa rin niya ang hugis at hitsura ng mga ito.

Matatandaang mahalaga sa pelikula ni Ramon Revilla ang konsepto ng anting-anting. Isa sa mga pelikulang katulad nito ay hango sa buhay ni Biano na lumabas noong 1977 sa ilalim ng Imus Productions na pinamagatang Bianong Bulag: (One Eyed Terror of Cavite).

Ang Pagkamatay ni Biano

Dahil sa hindi pagbabayad ni Biano sa taksing kanyang sinakyan sa may Baclaran, siya ay inireklamo ng tsuper nito. Sa kanyang pagtakas ay inabutan siyang nagtatago sa kisame ng isang bahay sa may Baclaran at doon siya napatay ng mga awtoridad. Ayon kay Lola Claring, ang kanyang asawa ay may tama ng baril sa ulo.

Isang paniniwala sa mga anting-anting ay ang kawalan nito ng kakayahang proteksyunan ang ulo ng nag-iingat nito.

Si Eliodoro "Doring" Bergado

Tubong Bagong Bayan Magallanes, Kabite si Eliodoro "Doring" Bergado. Isinilang siya noong Hulyo 3, 1937.[23] Noong binata, malapitin daw si Doring sa mga babae dahil sa angking kaguwapuhan nito. Naging responsable naman daw ito nang siya ay nakapag-asawa. Bukod dito, si Doring raw ay mabait at maalalahanin. Pagbubukid ang ikinabubuhay nito samantalang isang simpleng maybahay naman si Francisca o "Aling Precy". Sila ay nagkaroon ng apat na anak na pawang mga lalaki – sina Eliodoro Jr., Maurito, Isagani at Wilfredo.

Larawan ni Eliodoro "Doring" Bergado

Si Doring (kanyang palayaw) ay anak ng isang naging hepe ng pulisya na nagplanong tumakbo bilang punongbayan nguni't ipinapatay ng mga kalaban sa pulitika. Ang hindi makatarungang pangyayaring iyon ang nagtulak sa kanyang maghiganti sa mga taong may kinalaman sa kasawiang sinapit ng ama.

Misteryong Paglilingkod

Ang salimuot sa buhay ni Doring ay nagsimula sa kanyang paglilingkod sa mga pulitiko bilang isang tauhan o *"goon"* ng mga ito. Hindi nabatid ni Aling Precy kung ano ang ipinaglilingkod ng kanyang nasirang asawa basta't alam niyang sumasahod ito sa mga pulitiko.

Siyempre pa, hindi mawawala ang usapan tungkol sa iniingatang anting-anting ni Doring.

Ang Katapusan ni Doring

Maraming pinasok na gusot sa buhay si Doring. Kung kaya nakulong ito sa Muntinlupa. Hanggang ngayon ay mayroon pang mga naiwang alaala sa kanya si Doring na mga basket at bag na ginawa nito habang nasa loob ng kulungan.

Si Doring ay napatay noong Nobyembre 16, 1970. May isang buwan at kalahati pa lamang ang gulang ng kanilang bunso na si Wilfredo nang mapatay si Doring ng mga kalaban sa pulitika. Inaayos daw ni Doring ang mga manok na sasabungin at kapapaligo pa lamang nito nang ito ay barilin sa harapan ng kanilang bahay.

Ibaba: Bahay ng Pamilya ni Bianong Bulag sa Maragondon, Kabite

Kanan: Lola Claring, biyuda ni Bianong Bulag



Naalala ni Aling Precy na ang iniingatang anting-anting ni Doring ay hinuhubad nito bago maligo at hindi raw maaaring isuot ang nasabing anting-anting kung basa pa ang buhok. Natiyempuhan daw na walang "proteksyon" ang kanyang asawa nang sila ay pagbabarilin ng mga kalalakihang nasasandatahan ng mga armalite.

Ang pamamaril na iyon ay hindi lamang naging sanhi ng pagkamatay ng asawa kundi na rin ng naging kapansanan ni Aling Precy sa kanang binti na hanggang ngayon ay mababakas pa ang pagkakatahi.

Si Mayor Patrocinio Gulapa ng Maragondon

Isa sa mga pinakamalaking pelikula ni Ramon Revilla ay ang tungkol sa buhay ng isang punong bayan ng Maragondon, ang kuwento

Larawan ng kasal nina Doring at Precy Bergado

ng buhay ni Mayor Patrocinio Gulapa. Ang pamilya ni Patrocinio ay nagmula sa Candaba, Pampanga. Siya ay isinilang noong Nobyembre 30, 1913.

Ang naging panayam kay Gng. Natividad Gulapa ang naging batayan ng pagsasalaysay ng buhay ni Patrocinio.[24] Si Lola Nating (kanyang palayaw) na siyang maybahay ng paksa ng kwento ay inabutan ng may-akda sa kanilang lumang bahay sa Kaingen, Maragondon.

Meyor Noong Panahon ng Amerikano (Liberation)

Ayon sa pagkaalala ni Lola Nating, si Gulapa raw ay naging meyor mula 1946 hanggang 1949. Hindi malinaw para sa maybahay ng meyor kung talagang nag-ingat nga ito ng anting-anting ngunit dahil ito ay nagsilbing gerilya, hindi daw imposibleng gumamit ito ng anting-anting. Sa pagkakaalam ng marami, maraming gerilya ang gumamit ng mga ganitong proteksyon laban sa mga kaaway.

Pinatay si Mayor Gulapa sa Nobeleta, Kabite noong Pebrero 25, 1949 dahil sa usaping pampulitika. Si Mayor Gulapa ay binaril sa may likurang bahagi ng ulo habang nagbibilang ng napanalunan sa sabong sa nasabing bayan.

Ang Konsepto ng Kapangyarihan ng Isang Mag-aanting-anting

Ayon sa pag-aaral ni Benedict Anderson sa kultura ng mga Javanese ng Indonesia, ang pagkakamit ng kapangyarihan ng mga ito ay kinabibilangan ng simpleng pamumuhay, meditasyon, pagliban sa

pakikipagtalik, mga ritwal ng paglilinis at iba't ibang uri ng pagsasakripisyo upang makapagpokus at makamit ang ilang kapangyarihang kumakalat sa sansinukob.[25] Ang mga kapangyarihang kanilang nakakamit ay mula sa pinagsama-samang mga elemento ng iba't ibang relihiyon at paniniwala.[26]

Kaugnay sa buhay ni Leonardo Manicio na pinaniniwalaang nagtataglay ng mga anting-anting, ang kultura ng mga Pilipino at Javanese ay mayroong pagkakahawig. Ang paniniwala at pananampalataya sa mga anting-anting sa Pilipinas ay nakaugnay sa iba't ibang pagdidisiplina. Ang mahalaga sa paniniwala sa kapangyarihan ng mga anting-anting ay ang kalooban ng sumasampalataya. Mahalaga at bahagi ng pagkakamit ng anting-anting ay ang ilang pagsubok at ritwal. Upang maging mabisa ang anting-anting na nakamit o ipinagkaloob, ang nag-iingat nito ay muling dumaraan sa mga pagsubok, paglilinis o pagdidisiplina ng sarili. Ang mabisang panahon para sa mga gawaing ito ay ang panahon ng Mahal na Araw.

Iba't ibang Nardong Putik: Ang Mito ni Leonardo Manicio

Si Leonardo Manicio katulad ng ibang naisapelikula ni Ramon Revilla ay isang mito.[27] Ang lahat ng bagay ay maaaring maging isang mito, subali't kinakailangan itong may ipinapahatid na isang diskurso.[28] Ang bawat mito ay maaaring magkaroon ng sariling kasaysayan at heyografya. Ang mga pelikulang hango sa buhay ng ilang Kabitenyo na ginawa ni Ramon Revilla ay nagpapakahulugan ng karahasan, kabutihang-loob, paniniwala sa anting-anting at makukulay na buhay pag-ibig.

Lola Nating, biyuda ni Mayor Patrocinio Gulapa

Masalimuot ang diskurso ng kanilang mga buhay katulad ni Nardong Putik na bunga ng kuwento ng lipunan, ng mga pahayagan at ng mga taong nakapaligid sa kanya. Ang kanyang mito ay laganap sa Kabite. Si Leonardo Manicio, ayon sa pag-aaral ni John Sidel ay itinuturing na pinakakilalang kaaway ng batas sa Kabite at unang nakilala dahil diumano'y nasangkot sa *Maragondon Massacre* noong 1952.[29]

Noong isinapelikula ang kanyang kuwento ay mas lumaganap ang kanyang mito sa maraming dako. Sa mga susunod na panayam ay unti-unting huhubarin ang lambong ng mito ni Nardong Putik. Malalaman dito kung papaano nga ba siya naaalala ng mga taong nakakakilala sa kanya. Sino nga ba talaga si Nardo?

Si Leonardo Manicio Bilang Kaibigan/Taong -labas

"Ang masamang kaugalian niya iyong kapag nagnakaw ka ng kalabaw at may nag-report sa kanya ay papatayin ka - miski hindi siya kagalet...'yan ang pagkakaalam ko sa kanya."

- Lauro Sison, kaibigan ni Leonardo Manicio

Ang bayan ng Heneral Trias na dating San Francisco de Malabon ay mas kilala sa kasaysayan bilang bayan na pinagmulan ng bandang unang tumugtog ng pambansang awit ng Pilipinas sa harapan ng balkonahe ng bahay ni Heneral Emilio Aguinaldo sa Kawit. Natuklasan ng pag-aaral na ito na marami palang mga tagaroon ang nakasama sa kalakaran ng panunulisan. Noong dekada singkwenta, maraming mga taga-Malabon (isa ring tawag sa Heneral Trias) ang nagsimulang umanib sa mga taong-labas at ilan sa mga ito ay napasama sa

"Gumamela Celis," pang-akit at panghalina



malalaking krimen katulad ng *Maragondon Massacre*[30] at *Araneta Kidnap Case*.[31]

Ang panayam kay Lauro Sison, dating Philippine Constabulary. na isang kaibigan ni Leonardo Manicio alyas Nardong Putik ang magsasabi kung ano nga ang pagkatao nito at ang umiiral na sistema ng karahasan noong mga panahong iyon.[32]

Si Mang Lureng (kanyang palayaw) na nasa edad 79 ay may kapayatan ang pangangatawan, may kaliitan at medyo mahina na rin ang kalusugan. Sa kabila ng kanyang kaanyuan ay mapapansin na siya ay nakaluluwag sa buhay. Malaki at maayos ang kanyang tirahan na nakapuwesto sa isang malawak na lupain. Maraming tumitilaok na

tandang o sasabunging manok sa kanyang pag-aaring lupain, isa ito sa kanyang mga pinagkakaabalahan. Mayroon din silang mga paupahang kuwarto. Si Mang Lureng ay isang pensionado ng pamahalaan ng Estados Unidos. Kabilang sa kanyang mga pinagkakaabalahan sa buhay ay ang magsabong, paminsan-minsang paglalaro ng mahjong at dumalaw sa kanyang mga anak na nakatira sa Estados Unidos.

Kinikilalang naging malapit na kaibigan ni Leonardo Manicio si Lauro Sison sa Heneral Trias.

Hindi masyadong panatag ang loob ni Mang Lureng nang sabihin sa kanya na ang sadya ng may-akda ay magtanung-tanong tungkol sa kanyang mga alaala tungkol kay Nardong Putik. Naitanong niya kung paano nalaman ng nagsasaliksik na kaibigan siya ng nasirang Nardo at binanggit ng may-akda na marami siyang napagtanungang nakapagsabi na siya ay isang malapit na kaibigan ng paksain. May pag-aatubili sa kanyang ekpresyon ngunit napapayag rin siya na magpaunlak sa kondisyong hindi siya kukuhanan ng larawan. Sa kabila ng kanyang mga pag-ubo, patuloy pa rin siya sa paninigarilyo sa oras ng panayam. Paminsan-minsan ay uubo nang malakas at sesenyas na siya ay dudura (na parang may kabigatan ang kanyang dinaramdam sa katawan). Nahihiya man ang may-akda sa pang-aabala ay ipinagpatuloy pa rin niya ang kanyang sadya - ang makapulot ng pagkakakilanlan kay Nardo bilang kaibigan at taong-labas.

Unang Pagkikita

Sa pakikipanayam kay Mang Lureng ay makikilala si Leonardo Manicio sa aspekto ng pagiging isang kaibigan at taong-labas. Ayon sa kanya, nang mga panahong si Nardo ay nagtatago sa mga alagad ng batas, nagkukuta ito, kasama ang ilang mga tauhan sa ilang liblib na lugar sa Kabite, at isa rito ang baryo ng Sambal sa bayan ng Nobeleta kung saan sila unang nagkakilala. Umaakyat ng ligaw noon si Mang Lureng sa isang dalagang nagngangalang Lourdes Caldejon ng nasabing baryo. Madalas siyang doon ay nalalagi kahit pa nga nilalakad lamang ang pagpunta sa nasabing lugar mula sa bayan ng Heneral Trias kung saan siya naninirahan at naglilingkod bilang kasapi ng Philippine Constabulary.

Inakala ni Nardo na siya'y

Mutya ng Buwan, proteksyon at tanglaw

ANG MEDALYON NG INFINITO DIOS



HARAP

Sinag (may salitang lihim)

Apat na buhay na nilalang

*apat na apostoles na buhay na naglathala ng lahat ng kasaysayan ng mga nilalang.

Dalawang hari sa litid ng mundo (nasa magkabilang dulo)

Tatlong personang iisa ang katawan: Ama, Anak, at Espiritu Santo

Susi

LIKOD

isang espiya ng pamahalaan kung kaya hinarap siya nito kasama ang ilang mga tauhan upang kumpiskahin ang kanyang dalang baril. Hindi naman siya nagpasindak sa grupo nina Nardo kung kaya't nagawa pa niyang ipaliwanag na hindi siya naparoroon upang mag-espiya kundi upang manligaw lamang sa kanyang napupusuang si Lourdes. Subalit matapos makapagpaliwanag, kinuha pa rin sa kanya ang dalang baril na kanya na ring ipinaubaya upang hindi siya mapahamak sa grupo ng mga taong karamihan ay may atraso sa batas. Gayun pa man, nagkipagkasundo si Nardo kay Mang Lureng na isasauli nito ang kanyang baril kapalit ng pagbibigay ng lugar ng kanyang tirahan sa Heneral Trias. Hindi niya inaasahang ang unang engkwentrong iyon ay madalas pang masusundan at naging simula ng isang pagkakaibigan.

Simula ng Pagkakaibigan

Makalipas ang ilang araw ay nasorpresa na lamang si Mang Lureng sa kanyang bahay nang may taong pumunta upang ibalik ang kanyang baril. Ayon sa di inaasahang panauhin, ipinasasauli raw iyon ng isang taong nakilala niya sa lugar na kanyang pinupuntahan sa Nobeleta. Iyon ang simula ng pagkakatuklas ni Nardo ng tirahan ni Mang Lureng na siya niyang naging madalas na panauhin. Sa kabila ng kanilang pagkakaibigan, labis na ikinabahala ni Mang Lureng ang kanilang madalas na pagkikita ni Nardo sa dahilang magkaiba ang kanilang katayuan sa lipunan, pinaghahanap ng mga alagad ng batas ang kanyang kaibigan samantalang siya ay isang alagad ng batas. Hindi naman naging hadlang sa kanilang samahan ang magkasalungat nilang mga paniniwala at kinabibilangang antas ng pamumuhay.

Si Mang Lureng ay sunod sa layaw sa kanyang mga magulang dahil siya'y solong anak. Mahirap para sa kanya ang makibagay sa isang taong hindi mauunawaan ang kanyang mga karanasan sa buhay. Si Nardo naman ay nanggaling sa isang mahirap na pamilya na walang permanenteng tirahan. Umaasa lamang si Nardo sa tulong ng mga taong kanyang nilalapitan. Nguni't sadya nga yatang sila ay magkapalad na maging magkaibigan, nang lumaon ay napakinabangan nila ang isa't isa sa mga hindi inaasahang mga bagay.

Napag-alaman ni Mang Lureng na maraming tao ang nahipo ng kaibigang si Nardo sa mga lugar na pinagtaguan nito. Maraming tao ang tinutulungan ni Nardo na halos lahat ay umaasa sa kanya ng mga pang-araw-araw na pangangailangan: mula sa pagkain hanggang sa mga gamot. Naantig ang damdamin ni Mang Lureng sa kanyang natuklasang ito. Naunawaan niya ang malinis na hangarin ni Nardo na tulungan ang kanyang kapwa mahirap. Bilang isang kaibigan, ipinaalam niya dito ang mga taong maykaya sa buhay na maaaring mahingian nito ng tulong.

May isang pagkakataon na nagkaroon ng hidwaan ang magkaibigan. Walang kapera-pera si Mang Lureng nang hingan siya ng tulong para sa isang kaanak na may sakit. Ginamit niya ang lagda ni Nardo sa kanyang liham – paghingi ng tulong sa kababayang si Tinoy Granados na nanalo sa sweepstakes. Dahil doon ay natulungan ni Mang Lureng ang kanyang kaanak. Ngunit nang dumating ang pagkakataon na ang tunay na Nardo na ang humingi ng tulong kay Tinoy, hindi na nagbigay ang nanalo sa sweepstakes sapagkat sinabi nitong siya ay nakapagbigay na ng tulong sa isang taong nagdala ng liham na may lagdang Nardo. Nagtapat si Mang Lureng sa kaibigan



Kanan: Larawan ni Nardong Putik

Ibaba: Ang dating bahay ng mga Manicio sa Sabang, Dasmariñas, Kabite



na siya ang gumamit ng pangalan nito at ipinaliwanag kung bakit niya ito nagawa. Nagalit si Nardo pero pinatawad din naman siya nito at sinabihang huwag na lamang mauulit ang gayong pangyayari.

Sinubok ang Pagkakaibigan

May halong saya at pait ang pagkakaibigan nina Nardo at Mang Lureng. Ilang ulit sinubok ng tadhana ang kanilang magandang samahan. Isa sa mga mapapait na karanasan sa kanilang pagkakaibigan ay noong mapagbintangan si Mang Lureng bilang utak sa pagpaslang sa kaniyang kapitbahay na si Gregorio Sangalang,[33] na isang nakaririwasang mangangalakal. Napag-alamang isang tanghaling tapat nang barilin ni Nardo si Sangalang sa tapat mismo ng kanyang bahay sa kalye Juan Luna sa Heneral Trias, ilang metro lamang ang layo mula sa bahay ni Mang Lureng. Hindi lingid sa kaniyang mga kapitbahay na siya ay malapit na kaibigan ni Nardo kung kaya siya ay pinagbintangang may kinalaman sa pangyayaring pagpatay. Hinuli at kinasuhan siya ng kapwa miyembro ng Philippine Constabulary.

Binalikan ni Mang Lureng ang alaala ng kanyang paghihirap sa kamay ng mga kapwa konstabularyo. Malinaw na malinaw pa rin daw sa kanyang alaala ang pagpapahirap sa kanya sa loob ng bilangguan ngunit kahit gaano pa man ang pagpapahirap sa kanya ay hindi niya idinamay ang kaibigang si Nardo kahit pa alam niyang ang kaibigan nga ang tunay na pumatay kay Sangalang. Mas minabuti niyang pahalagahan ang pakikipagkaibigan kay Nardo sa dahilang parang magkapatid na ang kanilang samahan (utol nga ang tawagan nila sa isa't isa). Nang lumaon ay napawalang sala siya sa pangyayaring pagpatay na iyon.

Nagpatuloy ang ugnayan ng magkaibigan. Si Mang Lureng ang tagahingi sa mga kaibigang doktor ng mga gamot na ipinamamahagi ni Nardo sa mga mahihirap na maysakit. Ayon sa kanya, tunay na si Nardo ay may mabuting puso, lamang ay nagpapaalala sa kanya ang matinding galit sa mga magnanakaw na pumapatay din ng mga inosenteng mamamayan.

Alam ni Mang Lureng ang puno't dulo ng pagiging taong-labas ni Nardo. Talos niya ang ugali ng kaibigan dahil tunay na naging malapit ito sa kanya. Alam niya ang personal na dahilan nito kung bakit naging kalaban ito ng batas, kung bakit inilagay ng kaibigan sa sariling kamay ang hustisya sa hindi makatarungang pagkawala ng pinakamamahal na ama. Pinatay ang ama ni Nardo matapos na pagnakawan ng alagang kalabaw kung kaya gumanti ito at pinagpapatay din ang mga kinilalang salarin. Galit si Nardo sa mga taong magnanakaw ng kalabaw dahil nagpapaalala ito sa kanya sa malungkot na sinapit ng ama. Naniniwala siyang ang natatanging kaparusahan sa mga ito ay kamatayan din.

Inilarawan din ni Mang Lureng si Nardo na sa kabila raw ng pagiging matapang at matigas ang loob, ang kanyang kaibigan ay mahinahon sa pakikipag-usap sa kapwa. Matikas din daw tumindig at manamit si Nardo.

Sa mga pagkakataong may kasiyahan sa tahanan nina Mang Lureng, sinisiguro niyang hindi mag-aabot ang mga kapwa niya alagad ng batas at ang grupo ng kaniyang kaibigang si Nardo. Batid niyang isang malaking gulo kung mag-aabot ang dalawang grupo na parehong may mga armas at hindi imposibleng dumanak ang dugo kung mangyayari ito.

Iniiwasan naman noon ni Nardo ang makaengkwentro ang mga kasamahang alagad ng batas ni Mang Lureng dahil nirerespeto siya nito bilang kaibigan. Ngunit dahil sa pera o *reward* na nakapatong sa ulo ni Nardo, hindi masiguro ni Mang Lureng ang sasapitin ng kaibigan sa kamay ng kaniyang mga kasamahang pulis.

Sa huling yugto ng panayam ay tinanong si Mang Lureng ng may-akda kung pinanood niya ang pelikula ni Nardo. Hindi raw niya pinanood ito. Naniniwala siya na ang pelikulang ipinalabas tungkol kay Nardo ay maraming dagdag at *useless* daw na panoorin dahil kilala naman daw niya si Nardo sa totoong buhay. Nabanggit din ni Mang Lureng na noong mamatay ang kaibigan ay hindi man lamang niya ito nasilip.

Sa pagsasaliksik ay napag-alamang iilan na lamang ang mga kaibigan ni Nardo na tulad ni Mang Lureng na nabubuhay pa. Si Mang Lureng na sa unang bahagi ay bantulot na magsalita tungkol sa kanyang kaibigan na pinapaksa ng saliksik. Maaaring dahil sa maraming mabibigat na pangyayari sa kasaysayan ng pulitikang kinasangkutan ni Nardo sa lalawigan ng Kabite kung kaya nag-iingat si Mang Lureng na mapag-usapan ang kanyang matalik na pakikipagkaibigan kay Nardo.

Paghahanap sa mga Manicio

Sinimulang magtanung-tanong ng may-akda kung saan matatagpuan ang bahay ng mga Manicio. Noong mga unang linggo ng Enero, may nakapagsabing marami raw naging pamilya si Nardo. Sinubukan din ang paghahanap sa direktoryo ng telepono ng bayan ng Imus at Dasmariñas kung saan sinasabing naninirahan ang mga angkan

ng "Manecio." Walang apelyidong "Manecio" sa nasabing direktoryo subalit may mga apelyidong "Manicio" na nakatala. Doon na nagsimula ang pagsasaliksik.[34]

Hindi naglaon ay natunton ng may-akda ang tahanan ng anak ni Nardo. Matagal bago nakuha ang tirahan ng mga ito sa dahilang ayaw na raw magpa-interbyu ang mga ito tungkol sa kanilang ama. Sa tabi ng payak na bahay nina Esther, anak ni Nardo, ay may isang mababang bahay na walang bubungan



Itaas: Mag-asawang Mutya ng Tubig, pampalubag-loob sa tao
Kaliwa: Mutya ng Pakwan, mahusay sa negosyo at pag-ibig

at sira-sira na. Ayon sa kanya, ito raw ay ipinagawa ng kanyang ama noong 1968 bilang regalo sa kanyang kapatid na babae na nagdiwang ng ika-18 taong kaarawan. Ang bahay na iyon ang huling naging tirahan ng kanilang pamilya.

Ang Pamilya ni Leonardo Manicio

Sa kabila ng kanyang pag-aalinlangang humarap at makipag-usap

ay nagawa pa ring magpaunlak para sa isang panayam ang panganay na anak ni Leonardo Manicio o Nardong Putik na si Esther Manicio Dadula. Sa panayam na ito nakalap ang mga datos tungkol kay Nardo bilang isang ama.[35]

Matagal bago nakumbinsi na magbigay ng panayam ang kayumanggi at may maikling buhok na si Esther. Sila raw kasi ay nadala na sa kanilang mga hindi magandang karanasan noong mga lumipas na panahon.

Unang napag-usapan ang pagkakaiba ng ispeling ng apelyidong nakatala sa direktoryo ng telepono. Nilinaw ni Esther na tama ang baybay ng kanilang apelyido na nakatala sa direktoryo ng telepono. Matapos nito ay tumungo na sa istorya ng kanilang pamilya.

Isinilang si Nardong Putik o Leonardo Malihan Manicio noong Mayo 25, 1925. Ang kanyang amang si Juan Manicio na isang magbubukid ay tubong Malagasang, Imus at ang kanyang inang si Arcadia Malihan ay tubong Sabang, Dasmariñas. Nagmula sila sa isang mahirap na pamilya.

Si Feliciana Gatdula Nolasco o Fely sa palayaw ang napangasawa ni Nardo. Nagkaroon sila ng limang supling. Ang dalawang nauna na sina "Epitacio" at "Piting" ay maagang nangamatay. Si Esther ang pangatlo, ang ngayon ay tumatayong panganay sa tatlong natitirang buhay, nakatuntong siya ng sekondaryang edukasyon; sinundan siya ni Angelita o "Angie" na nagtapos ng Accountancy at kasalukuyang nagtatrabaho sa Emilio Aguinaldo College sa Dasmariñas; at ang bunso na si Leonardo, Jr. ay isang Electrical Engineer at kasalukuyang nagtatrabaho sa ibang bansa.

Ang asawa nitong si Aling Fely ay namayapa na rin.

Kaliwa: Arkanghel, mahusay na tagapangalaga laban sa kapahamakan

Ibaba: Rebulto ni Santiago de Galicia, mahusay na tagabantay ng bahay



Bakit Nardong Putik?

Natural lamang sa Kabite ang magdikit ng salitang madaling mapagkakakilanlan ng bawat pamilya. Sa dahilang madalas maraming taong magkakatulad ang pangalan sa lalawigan, madali silang masisino sa tatak na nakadikit sa kanilang lahi o pamilya. Putik ang napadikit sa angkan nina Nardo na nagmula sa kanilang lolong si Juan na ugali ng magtapal sa sugat ng putik na galing sa punso. Dahil maraming nagngangalang Juan sa kanilang lugar, putik ang naging pagkakakilanlan ni Juan Manicio na naging tatak na din ng bawat miyembro ng kanyang pamilya. Isang tatak na natural lamang maging tatak din ng kanyang anak na si Nardo.

Kuwentong Anting-anting

Sa wakas ay napag-usapan din ang tungkol sa mga iniingatang anting-anting ng kanyang ama. Ayon sa kanya, mayroon daw kasabihan ang mga matatanda na ang mga anting-anting ay hindi dapat mahipo o mahawakan ng babae dahil nawawalan ito ng bisa.

Isang kalmen ang natatandaan at napansin niyang nakadikit sa kuwelyo ng damit ng kanyang ama. Isang araw ng Biyernes ay nahipo niya ang nasabing kalmen sa pag-aakalang umalis na ang ama at nakalayo na ito sa kanilang tahanan. Walang anu-ano'y lumitaw ang ama at kinuha sa kanya ang kalmen.[36] Matapos ang dalawang araw, Linggo noon at kapapanganak pa lamang ni Esther, namatay si Nardo kung kaya't malakas ang kanyang paniniwala na totoo ang kasabihang bawal hipuin ng mga babae ang mga anting-anting.[37]

Alaala ng Isang Ama

Naniniwala si Esther na naging mabuting ama din si Nardo sapagkat sinubukan nitong bigyan ng maganda at masaganang buhay ang kanyang pamilya. Maganda rin daw ang naiwang alaala ng kanyang ama lalo na sa mga kapwa Kabitenyo sapagkat marami itong natulungang kababayan. Ang lahat ng kabutihang ginawa ni Nardo ay pinaniniwalaan nina Esther na nasuklian ng magandang kapalaran nilang magkakapatid. Mayroon na silang mga sariling pamumuhay - mga ulilang lubos, ngunit hindi naiwang kaawaawa bagama't kung minsan ay nakararanas ng kakulangan sa pananalapi.

Sa huli ay naihabol ni Esther ang alaala ng napakaraming taong nakiramay sa pagkamatay ng ama, isang eksenang nagpakilala sa kanilang ama bilang isang tipikal na Kabitenyong may mahusay na pakikipagkapwa.

Mutya ng Langgam, mahusay sa negosyo

Matapos ang panayam kay Esther ay hinanap naman ng may-akda ang puntod ni Nardong Putik sa sementeryo ng bayan ng Dasmariñas. Hindi ito mahirap matunton sapagkat madali itong naituro ng isang matandang nagtitinda ng mais sa tabi ng munisipyo.

Sa Piling ni Bating: Panayam sa Pangalawang Babaing Minahal ni Nardo

Likas daw na palikero si Nardong Putik. Maraming kuwento tungkol sa kanyang mga pakikipagrelasyon sa ilang kababaihan, sa katunayan, isa ito sa mga ipinakita sa pagsasapelikula ng kanyang buhay. Isang tunay na pagiging kilabot sa mga kababaihan ni Nardo ang pagkakaroon ng mga kinasamang babae sa iba't ibang bayan ng Kabite noong mga panahong ito ay nagtatago pa sa mga alagad ng batas. Ayon pa sa usap-usapan, maraming kababaihan ang namamalitang isa sila sa mga naanakan ni Nardo nguni't marami rin sa kanila ang hindi nagsasabi ng totoo. Sa kung anumang dahilan kung bakit ninanais nilang magkaroon ng ganitong pagkakakilanlan ay mahirap mawari. Parang kuwento ni Elvis Presley, isang alamat na *rock and roll singer* ng Estados Unidos, na maraming babaeng naghahabol dahil naanakan din daw sila nito. Ang likas na karisma marahil at kasikatan o pagiging popular sa lalawigan ang nagbunsod sa mga babaeng naghahabol kay Nardo.

Isa sa mga tunay na nakasamang babae ni Nardo na siya ring ipinakilala sa pelikula ng kanyang buhay ay si Beatriz Monton Magsino - isang biyudang nakatira sa Purok 12, Bacao, Heneral Trias, Kabite. Pinatotohanan ni Esther ang pagkakaroon ng relasyon ng kanyang ama kay Aling Bating. Siya pa nga ang nagsabi kung saang pook makikita ang tirahan ng pangalawang babae ni Nardo.

Marahil ang labis na pangungulila ni Nardo sa kanyang pamilya sa panahon ng kanyang pagtatago sa mga liblib na lugar sa Kabite ang nagtulak sa kaniya upang humanap ng babaing mamahalin at pakikisamahan. Sa kabila ng kanyang naiwang pamilya sa Dasmariñas, muling umibig si Nardo sa isang biyudang tagabayan ng Heneral Trias.

Ang pangalawang babae sa buhay ni Nardo ay isinilang noong Hunyo 17, 1929. Si Aling Bating ay maliit (tila 4 na talampakan lamang), may kayumangging balat at medyo may kapayatan, nguni't mapapansing malakas pa rin ang pangangatawan. Simple lamang ang uri ng kanyang pamumuhay. Kadalasan ang kanyang panahon ay ginugugol na lamang niya sa pamamasyal sa mga anak na kapitbahay lamang niya at sa pag-aalaga ng mga apo.

Bilang tanda ng paggalang ay tinawag siyang Nanay Bating ng may-akda sa panahon ng panayam. Katanghaliang tapat at napakainit ang panahon noon, kasing init ng naging kuwentuhan. Narito ang buod

Mutya ng Tatlong Persona, mahusay sa lahat ng bagay



Si Esther, anak ni Leonardo Manicio kasama sa larawan ang kanyang asawang si Frank Dadula

ng panayam kay Beatriz "Bating" Magsino, ang pangalawang babaing minahal ni Leonardo Manicio.[38]

Ayaw Dahil Taong-labas

Maagang nabiyuda si Aling Bating sa asawang si Damaso Fajardo. Pinatay ang kanyang asawa ng isa nitong kaaway. Mayroon silang dalawang anak at sila ay nakatira sa bahay ng kaniyang mga biyenan. Liblib at malayo ang lugar na iyon mula sa kabayanan. Pagtatanim ng palay ang kanyang hanapbuhay na siyang ginamit niyang paraan ng pagtataguyod nang mag-isa sa kanyang mga anak.

Sa unang pagpapakilala pa lamang ng isang kasamahan ni Nardo kay Aling Bating ay hindi na kaagad pumasa sa kanya ang nasabing lalaki. Napag-alaman niya kaagad ang ilang mga bagay tungkol kay Nardo tulad ng kaya nagtitigil doon ang lalaki ay dahil pinaghahanap ito ng mga alagad ng batas at mayroon na itong sariling pamilya sa Dasmariñas. Batid niyang hindi magiging maayos ang kanyang buhay pati na ng kanyang mga anak.

Masugid Manligaw si Nardo

Bago pa nanligaw si Nardo ay mayroon nang masugid na manliligaw si Aling Bating matapos na siya ay mabiyuda. Isa itong matandang binata na sinuyo ang lahat ng kanyang mga nakatatandang kapatid para lamang pumayag siyang pakasalan nito (ulila na sila sa mga magulang noon.) Lahat ng tulong ay ibinigay ng nasabing manunuyo ngunit tumakas siya sa kanilang bahay noong malapit na ang takdang araw ng kaniyang muling pagpapakasal. Umuwi siya

noon sa bahay ng mga magulang ng kanyang asawang namatay. Doon nga ay nagtagpo ang landas nila ni Nardong Putik.

Sa simula pa lamang ay tinapat na ni Aling Bating kay Nardo na walang maaasahan sa kanya ang lalaki dahil nga sa kalagayan nito na alam niyang magiging isang sakit ng ulo. Subalit hindi siya tinigilan ni Nardo sa panliligaw, ilang ulit itong nanuyo sa kanya sa pamamagitan ng pagdadala ng maraming tauhan upang tumulong sa pag-aani ng palay sa mga bukiring kanyang pinagtatrabahuhan. Masugid daw talagang manligaw si Nardo kung kaya't minsa'y nahihiya siya sa kanyang mga biyenan. Ayaw niyang isipin ng mga ito na sadyang siyang nagpapaligaw dito.

Ang "Panggagabot" kay Aling Bating

Nahihiya na siya sa kanyang mga biyenan kung kaya inisip niyang magpaalam sa mga ito upang bumalik na lamang sa kanyang dating tirahan. Ipinaliwanag niya sa mga matatanda na nais niyang umalis upang makaiwas sa masalimuot na buhay - ang maging asawa ng isang kaaway ng batas.

Noong umaga ng kanyang pag-alis, nakasalubong ni Aling Bating at ng kaniyang mga biyenan si Nardo. Nang tanungin sila ng lalaki kung saan sila paroroon ay sinabi nilang sila ay magtatanim lamang sa bukid. Nagduda si Nardo na itatakas si Aling Bating ng kanyang biyenan, kung kaya binalaan ni Nardo ang mga matatanda na baka magkakasubukan sila kung iaalis doon ng mag-asawa ang kanilang manugang. Walang nagawa ang mga ito kung hindi ang magbalik sa kanilang bahay.

Matapos ang ilang araw ay sapilitang tumira si Nardo sa



Santo Niñong hubad, mahusay na pang-akit, isa sa pinakapopular na anting-anting ng mga taga-Kabite

pamamahay ng biyenan ni Aling Bating upang kasamahin siya nito. Sa takot sa lalaking kilalang makapangyarihan at nasasandatahan ay pikit matang tinanggap na lamang niya ang sinapit na kapalaran. Ito ang panggagabot, ang sapilitang pakikisama ng lalaki sa isang babaeng nakursunadahan.

Biniyayaan ng Dalawang Anak/Napamahal na rin/Patuloy sa Paniningalang- pugad

Pinaglingkuran ni Aling Bating nang maayos si Nardo at sinabi niyang hindi naging mahirap para sa kanya na mahalin ang lalaki. Idinagdag pa niyang si Nardo ay mahusay magdala ng damit at may magandang tindig. Biniyayaan ng dalawang supling ang kanilang pagsasama, sina Noralyn at si Leonardo, Jr. (dalawa ang junior na anak ni Nardo).

Magkahalong saya at pangamba ang panahon ng kanilang pagsasama. Bilang isang taong pinaghahanap ng mga alagad ng hustisya ay palaging may agam-agam si Aling Bating na si Nardo ay bigla na lamang mawawala sa kanilang piling.

Madalas nilang pinag-aawayan ang hindi pag-uwi nang matagal na panahon ni Nardo. Sa bawat pag-aaway nila ay masuyo naman siyang inaamo nito. Nakikiusap daw ito na unawain na lamang ang kanyang mga ginagawa dahil ilang panahon na lamang daw ang kanyang kalayaan at baka ang kanyang buhay ay hindi na rin magtagal. Nang malaon ay naintindihan niya ang paminsan-minsang hindi pag-uwi nito dahil nga mayroon itong lehitimong pamilya sa Dasmariñas.

Hindi huminto kay Aling Bating ang hilig sa mga babae ni Nardo. Hindi nailihim sa kanya ang patuloy na pakikipagrelasyon ni Nardo sa iba pang babae, nguni't sa kabila ng lahat, hindi niya ito pinababayaan sa lahat ng bagay. Asikasung-asikaso niya ito sa lahat ng mga pangangailangan. At lalo siyang naging masinop sa pamumuhay.

Minsan ay nawala si Nardo nang matagal na panahon. Hinanap niya ito sa iba't ibang dako at nadiskubre niya ang pakikipagrelasyon nito sa iba. Mayroon pa nga daw itong isang naging babaeng taga-Bikol na nagngangalang Flor de Castro, isang dating kapenpal daw ni Nardo noong ito ay nakakulong pa. Sa kabila ng sakit na idinudulot nito, tinanggap pa rin ni Aling Bating ang paliwanag ni Nardo bunsod ng malabis niyang pagmamahal sa lalaki.

Ngayon, tanging sa isang maliit na larawan na lamang nakikita ni Aling Bating ang mukha ni Nardo. Isang larawan na kinuhanan pa sa Camp Crame noong dinadalaw niya sa piitan ang lalaking kanyang minahal.

Ang Anting-anting ni Nardo

Masarap kausap si Aling Bating. Masaya siyang nagkukuwento tungkol kay Nardo. Mababakas sa kanyang mukha na marami silang magagandang alaala ng lalaking minahal. Kahit maraming pagsubok na pinagdaanan ay hindi niya nalilimutan ang mga detalye ng pangyayari sa panahon ng kanilang pagsasama ni Nardo. Kasama dito ang mga alaala ng anting-anting.

Maraming klase ng anting-anting mayroon si Nardo ayon kay Aling Bating. Ilan dito ay ang pakuwadradong anting-anting na mayroong larawan ng Birhen ng Baclaran (Ina ng Laging Saklolo) at mga anting-anting na pinapakain ng katas ng kalamansi kung araw ng Biyernes (mutya). Natatandaan rin niyang dinadasalan ito ni Nardo

bago mahiga sa gabi (orasyon). Katulad ng anak na si Esther, mahigpit na binilinan din ni Nardo si Aling Bating na huwag hahawakan ang kanyang mga iniingatang anting-anting.

Huling Kapiling ni Nardo

Sa piling ni Aling Bating huling nanggaling si Nardo bago ito namatay. Isang umagang malakas ang buhos ng ulan, nagpaalam si Nardo sa kanya upang katagpuin ang isang tao. Natatandaan pa niyang bago ito umalis nang umagang iyon ay madalas siyang yakapin habang sila ay nasa kusina. Naglaan din ito ng panahong makapiling ang mga anak na sina Noralyn at Leonardo Jr. Natatandaan ni Aling Bating na tinanong pa raw ni Nardo ang anak na si Noralyn kung ano ang gustong kuning kurso nito sa kolehiyo, samantalang isinabay naman nitong maligo ang anak na si Leonardo, Jr.. Walang pangitain. Walang habilin.

Umalis na ang asawa sakay ng isang kotse. Iyon na ang huling pagkakita ni Aling Bating na buhay si Nardo. Nang umaga ring iyon, hindi pa nagtatagal nang makaalis ito sa kanilang bahay ay may nagbalita sa kanyang napatay daw si Nardo. Dali-dali niyang pinuntahan ang lugar na pinagpatayan sa kanyang mahal na si Nardo nguni't hindi na niya inabot ang katawan nito.

Sa burol na niya nakita ang bangkay ni Nardo. Silang mag-iina ay nagpunta sa burol sa bahay nito sa unang pamilya sa Sabang, Dasmariñas. Hindi ito naging problema sa unang asawa ni Nardo na si Aling Fely, sa dahilang alam at tinanggap din nito ang tungkol sa mga babaeng kinasama ni Nardo. Sa katunayan, nakita rin daw ni Aling Bating na dumalaw sa burol ang isa sa mga babae nito na si Flor de Castro na kung tawagin niya ay si "Bikol" (dahil Bikolana ang ikatlong babae sa buhay ni Nardo).

Pagsasapelikula ng Buhay ni Nardo

Hindi nakasama sa konsultasyon ng unang pagsasapelikula ng buhay ni Nardo si Aling Bating. Sa ikalawang bersyon nito, pumunta sa kanilang bahay si Ramon Revilla upang alamin ang naging ugnayan nila ni Nardo. Sa pangalawang pagkakataon ng pagsasapelikula ng buhay ni Nardong Putik noong 1984, magkasamang kinonsulta ang dalawang kinikilalang pamilya ni Nardo. Ang lahat ng mga anak ni Nardo ay sama-samang

pumirma ng kontrata sa bahay ng mga Revilla at sila ay nagkaroon pa ng isang salu-salo.[39]

Sa kasalukuyan, nabatid ng may-akda na maganda ang samahan ng mga anak ni Leonardo mula sa unang asawa at ng kanyang mga anak sa ikalawa.

Kongklusyon

Ang lumilitaw na kuwento tungkol kay Nardo sa mga panayam ay isang kuwento ng isang pangkaraniwang tao na naging kaaway ng batas. Ngunit mas malalim pa rito ang kanyang pinasukang uri ng pamumuhay - bilang isang taong-labas na naglilingkod sa mga taong nasa matataas na kalalagayan sa buhay. Si Nardo ayon sa mga lumilitaw na salaysay ng mga taong kinapanayam ng may-akda ay isang pangkaraniwang nilalang na mayroong mga sariling pangarap sa buhay. Ang mga kinapanayam tungkol kay Nardo ay nagsasabing ito ay mabuting asawa, ama, at matulunging kaibigan. Namuhay siya nang walang

Kabilang Pahina:
Kaliwa: Larawan ni Beatriz Magsino, mas kilala bilang Aling Bating
Gitna: Larawan ni Leonardo Manicio sa Muntinglupa (Koleksyon ni Beatriz Magsino)
Kanan Ibaba: Kopya ng papel de bautismo ni Leonardo Manicio sa Parokya ng Dasmariñas, Kabite

Manila Times

Noong Oktubre 10, 1971, Miyerkules sa ganap na 7:40 n.u. nagwakas ang makulay na buhay ni Leonardo "Nardong Putik" Manicio, *Robinhood* ng Kabite



Manila Times

Ang pulang Chevrolet Impala, kotseng gamit ni Nardong Putik nang siya ay mapatay



Leonardo Manicio

y obligaciones que contrajo. Y por verdad lo firmo.

kasiguruhan ang bawat araw na dumarating. Hindi nito alintana ang mga peligrong lumalambong sa kanya ngunit sa kabila ng lahat ng ito, si Nardo ay namuhay ng may "kalayaan".

Sa kanyang pagiging isang mabuting kaibigan ay marami siyang natulungan. Ang mga itinutulong niya ay nagmumula sa panghihingi sa mga taong nakaririwasa. Hindi nagkakait ng tulong si Nardo sa mga taong mahihirap, mga taong katulad ng kanyang ama na inapi ng lipunan.

Kahirapan ang ugat ng pagkamatay ng kanyang ama. Ang mga salarin ay mga taong walang hanapbuhay na napilitang magnakaw ng kalabaw, na siyang kumitil sa buhay ng isang walang kalaban-laban.

Ang kapangyarihan ni Nardo ay nag-ugat na rin sa kanyang pagiging kaaway ng batas. Ito ang naging mabisang sandata ni Nardo upang pangilagan ng mga tao. Ginamit niya ito upang lumaganap ang pagkatakot sa kanya. Naging parang isang anting-anting ni Nardo ang kanyang pagiging matapang at marami ang nahihintakutan sa lalawigan marinig lamang ang kanyang pangalan. Ang kapalit ng kanyang paghihiganti sa pagkamatay ng kanyang ama ay ibayong kapangyarihan na kahit ang mga makapangyarihang tao ay nagsamantalang gamitin para sa kanilang pansariling kapakanan. Kinanlong si Nardo ng mga may kapangyarihan dahil mabisa ang kuwento tungkol sa kanya: matapang at may taglay na anting-anting at kaaway ng batas. Mas lumakas ang kanyang kapangyarihan dahil kasangga niya ang dalawang panig: ang mga nasa batas at ang mga nasa labas ng batas.

Namayani si Nardo sa lalawigan nang matagal na panahon. Ang kanyang pamumuhay ay isang uri ng pamumuhay na hindi kapos sa mga pangangailangan. Si Nardo ay napasangkot sa mga pinakamalalaking kaso noong panahon niya. Noong siya ay kasalukuyang namamayagpag bilang isang taong-labas, marami ang umanib sa kanya. Si Nardo ang nagsilbing pinuno nila.

Makulay ang kanyang buhay pamilya. Maraming babae ang dumaan sa buhay ni Nardo at ang mga ito ay nakukuha niya dahil sa kanyang bantog na katapangan at agresibong pamamaraan ng panliligaw. Sa ibang pagkakataon, dahil sa kanyang angking kakisigan, ang mga kababaihan ay madaling napapasang-ayon sa lahat ng kanyang naisin subali't marami sa mga relasyong ito ay panandalian lamang. Sa katunayan ay hindi iilan lamang ang kuwento ng mga babaing nag-aangkin na sila ay naanakan ni Nardo.

Ang mito ng buhay ni Nardo sa pagsusuri ng may-akda ay bunga ng mga naisulat sa pahayagan, ng mga pelikulang lumabas tungkol sa kanya at ang mga tungkol sa kanyang pagkatao na kumalat sa mga kuwentuhan. Sa kabilang banda, ang kanyang bisa ay nakaugnay sa pagsasapelikula ng kanyang buhay. Malakas ang naging impluwensiya ng pagsasapelikula dahil lumaki ang imahe ni Nardo bilang isang





tao.

Ang mga pakikipagsapalaran ni Nardo ay nabigyan ng kasagutan dahil ito raw ay bunga ng kaapihan. Ang popularisasyon ng kanyang sinasabing taglay na anting-anting ay sa dahilang siya nga raw ay matapang at walang kinatatakutan.

Ang paniniwala sa mga anting-anting na pinagmumulan ng kapangyarihan ni Nardo ay sinusugan din ng kanyang anak na si Esther at ni Aling Bating. Totoo man o hindi ang bisa nito, bahagi na ito ng mito ni Nardong Putik.

Nagwakas ang buhay ni Nardo sa panahong ang lalawigan ng Kabite ay tumutuntong na sa industriyalisasyon. Maraming pagbabago ang nagaganap noon lalo na sa larangang pang-ekonomiya. Ito ay nasasakupan ng panahon ng pangalawang termino bilang pangulo ni Ferdinand E. Marcos - isang bagong lipunan, maraming reporma para sa taong-bayan ang ipinapatupad.

Doon ay natapos ang kanyang kuwento kagaya ng marami pang katulad niya sa kasaysayan ng Kabite. Ang kamatayan ni Nardong Putik ay isang hudyat ng pagtatapos ng isang makulay na panahon sa lalawigan ng Kabite.

Libingan ng pamilya Manicio, ang nasabing pantyon ay matatagpuan sa Dasmariñas, Kabite

Mga larawang kuha sa bahay ni Ramon Revilla kasama ang pamilya ni Eliodoro "Doring" Bergado, habang nagpipirmahan ng kontrata para sa pagsasapelikula ng kanyang buhay (Koleksyon ni Francisca Bergado)

SAMU'T SARING KUWENTO NG ANTING-ANTING



Kilala ang mga anting-anting sa maraming taguri o tawag sa Kabite. Ang mga ito'y kilala bilang gamit, orasyon, subo, agimat o anting-anting. Iba't ibang uri para sa sari-saring intensyon. Ang mga proteksyong ito ay pinaniniwalaang nagpanatili sa mga taong-labas upang maging ligtas at malayo sa kapahamakan. Kahit ang mga pangkaraniwang tao ay nag-iingat din ng mga anting-anting bilang proteksyon. Ayon kay Herminia Meñez, sa kanyang aklat, ang ilan sa mga bihirang uri nguni't pinaniniwalaang mas makapangyarihan dahil ang mga ito ay mahirap makuha ay ang mutya ng bulaklak ng saging, buto ng itim na pusa na inilibing ng buhay sa isang palayok at ang bayugo (buto sa tuhod) ng bangkay ng tao na hinukay sa hatinggabi.[1]

Dagdag pa rito, binanggit din ni Meñez ang pag-inom ng katas ng ipinalaglag na sanggol sa araw ng Biyernes Santo.[2] Ang mga anting-anting ay mayroong iba't ibang pinagmumulan, at mayroon ding iba't ibang gamit.

"Isa sa mga namamalaging bantog na kuwento tungkol sa mga tulisanes ng Kabite ay ang malawak na paniniwala ng mga ito sa anting-anting at manoso."[3] Ang salitang anting-anting ay maaaring kinuha mula sa kinopyang salitang *Malay* na "*Anting*" –"*pendent*" o nakabitin at umiindayog na mahahabang bagay[4] at hindi mula sa pinaniniwalaang salitang *Latin* na "*anti*" o "*against*" ("laban sa" sa salitang Tagalog). Ito ay pinaniniwalaang malawakang tinanggap noong mga simula ng ikalabingwalong dantaon at mayroong isang Kastilang pari na nakapuna ng gawaing ito.[5]

Mutya ng Araw at Buwan, pampaunlad ng buhay

Mutya ng Tubig, pampalamig ng ulo at pamatid uhaw

Maraming uri ang mga anting-anting. Mayroong medalyon[6] na pinapakain ng orasyon. Ang orasyon o urasyon ayon kay Filomeno V. Aguilar, Jr. ay mula sa salitang Kastila na oración (o dasal). Ito ayon pa sa kanya ay ang paggamit sa konteksto ng isang mag-aanting-anting ng wikang Latin sa panggagamot at iba pang pamamaraan kagaya ng mga anyo ng medalyon at librito.[7] Mayroong nakabaon sa katawan o subo at minsa'y naka-tatu na sa katawan na tinatawag na talamak na (may bisa kahit wala ng orasyon) at iyong galing sa kalikasan kagaya ng iba't ibang mutya.[8] Ang mga ito ay ginagamit bilang pangpaakit, pampabuti ng kabuhayan at pampalapit ng magandang kapalaran. Ang mga mutya ay ibinababad lamang sa bibig at hindi nilulunok. Ang bisa nito ay nagmula sa kalikasan at ang pinapakain dito ay katas na maaasim kagaya ng kalamansi o dayap o kaya'y gatas mula sa ina. Maaari rin naman itong nasa bulsa lamang kapag lumalabas ng pamamahay. Ang kanilang anyo ay parang mga buto o minsa'y makukulay na mga bato.

Mga Pangkaraniwang Tao

Ang pagsasaliksik ng may-akda tungkol sa mga anting-anting sa Kabite ay binubuo ng ilang mga pakikipanayam. Marami sa mga taong kinausap tungkol dito ay nanggagamot katulad nina Ka Gorio[9], Nanay Tinay[10], Lolo Dolo[11], Mang Enteng[12] at Lola Menang.[13] Marami sa mga taong ito ay namumuhay ng payak at may mga edad na.

Iba't ibang Paraan ng Pagkakaroon ng Anting-anting

Kadalasan ay mayroon silang mga pinagmanahang kamag-anak (Mang Enteng, Nanay Tinay, Lola Menang) o nakuha sa "panaginip" (Lolo Dolo). Sa kaso ni Ka Gorio, siya raw ay binigyan ng ermitanyo ng mga kapangyarihan noong siya ay madalas magpunta sa mga kagubatan ng bayan ng Silang. Ang kanyang kuwento tungkol sa kanyang kakayahang matulog sa ibabaw ng dahon ng saging, ang

ILANG HALIMBAWA NG MGA MUTYA AT PATUNGKOL

a.) Gumamela Celis- Pangpaakit/Panghalina
b.) Mutya ng Kidlat at Kulog-Katapangan/Pagkalalake
c.) Mag-asawang Mutya ng Tubig-Pampalubag-loob sa Tao
d.) Mutya ng Araw at Buwan-Pampaunlad ng Buhay
e.) Kahoy ng Sinukuan-Pampalubag-loob sa Tao
f.) Mutya ng Kawayan-Mahusay sa Negosyo
g.) Bayuko-Pampasuko ng Kaaway
h.) Mutya ng Buwan-Proteksyon/Tanglaw
i.) Mutya ng Asogeng Buhay-Mahusay sa Negosyo/ Pampalubag-loob sa Tao
j.) Mutya ng Tubig-Pampalamig ng Ulo/Pamatid ng Uhaw
k.) Mutya ng Kalamansi-Mahusay sa Negosyo
l.) Mutya ng Birhen-Pampalubag-loob sa Tao
m.) Mutya ng Birheng Nagpapasuso-Mahusay sa Lahat ng Bagay
n.) Mutya ng Tatlong Persona-Mahusay sa Lahat ng Bagay
o.) Mutya ng Langgam-Mahusay sa Negosyo
p.) Mutya ng Sampalok-Pangpaakit/Panghalina
q.) Mutya ng Pakwan-Mahusay sa Negosyo/Pag-ibig

pagsundu-sundo sa kanya ng mga kamag-anak ng mga taong mamamatay na (mayroong taglay na anting-anting na subo) upang ipasa sa kanya at ang kanyang patuloy na pag-aaral tungkol sa mga kapangyarihan ay aming napag-usapan. Sa kasalukuyan ay inialis na ni Mang Gorio ang iba pa niyang mga iniingatang anting-anting at nakatutok na lamang siya sa pagpapagaling ng mga maysakit. Abuloy lamang ang kanyang tinatanggap na kapalit.

Bilang isang Samahan

Ang grupong Pulahan (Pulajanes[14]) na nagsimula pa sa Bisaya at Mindanao ay mayroong naitatag na samahan sa lalawigan ng Kabite. Isa sa mga kasaping nakausap ng may-akda ay pitong taon nang naninirahan sa bayan ng Ternate. Ang kanyang pangalan ay Ogie Caber[15] at ayon sa kanyang kuwento siya ay may mga baong mutya sa katawan. Ang mga ito ay nagiging talamak at hindi nangangailan ng orasyon kung kaya ang mga ito ay likas na may bisa. Ayon pa rin kay Ogie, ang kanilang pinakamataas na kasapi dito sa Maynila at Kabite ay si Emil Narido na nakabase sa Lungsod ng Pasay. Ito ay isang "*Blesser/Blessor*" o isang taong may kakayahang bumuhay ng mga anting-anting at siya rin ang sumusubok sa bisa ng isang anting-anting kagaya ng mga "kabal" (kumukunat ang balat ng taong may taglay nito) o 'yung mga proteksyon sa tama ng baril at taga ng mga itak. Kapag Mahal na Araw ay mayroong mga lugar sa Ternate na tinatawag na "Isla Balut" at "Isla Kamandag" kung saan nagpupuntahan at nagsusubukan ng bisa ng mga anting-anting ang mga kasapi ng "Pulahan" o mas kilala sa Ternate bilang "Haring Bakal". Partikular itong isinasagawa pag Biyernes Santo. Pagkatapos ng



Santo Kristo (Baligtaran)

subukan ay nagkakaroon sila ng kaunting kasayahan kagaya ng inuman at kainan.

Iba't ibang Diskarte sa Paniniwala

Ayon kay Fenella Cannell, ang mga anting-anting ay kaugnay ng tuwirang paghahanap ng kapangyarihan o minsan para sa pampulitika o pansekswal na impluwensya sa kapwa-tao.[16] Ang kultura ng paniniwala sa mga anting-anting ay mayroon ding pagkakaiba-iba sa lalawigan ng Kabite. Sa katulad ni Ogie, ang pagsubok ng bisa ng mga ito ay isang bagay na hindi niya pinag-aatubilihan. Naniniwala kasi siya na habang kakampi raw niya ang Diyos ay ayos lamang ang sumubok. Ang kanyang pagsubok ay ayon daw sa kahilingan ng mga tao at hindi kusang loob. Nguni't para naman sa ibang nag-iingat, hindi raw dapat sinusubok ang mga anting-anting sapagka't ito ay para ring buhay na nauubos katulad nina "Ama"[17] at Leo[18].

Si Leo (isang *Science* teacher sa isang paaralang pribado sa Silang at ang pamilyang pinagmulan ay tubong Binangonan, Rizal), naninirahan sa Magallanes, Kabite(nakapag-asawa siya ng tagaroon) ay mayroong bersyon ng kuwento tungkol sa "binurong bata".[19] Ayon sa kanyang kuwentong karanasan, ang anting-anting na ito ay isang panganay na anak na lalaki na namatay dahil kulang sa buwan (pito hanggang walong buwan). Ang sanggol ay hindi binyagan at kung sino ang mag-aalaga nito ang siyang magbibinyag ng pangalan. Naniniwala siya na mahalaga ang pangalan sapagka't lahat ng may pangalan ay maaaring magkaroon ng sariling buhay. Mahalaga rin na ang sanggol na ito ay maibabad sa *alcohol* at mapakain ng mga orasyon (na tanging ang mga nangangalaga nito ang nakakaalam sa mga orasyon).



Mutya ng Kawayan, mahusay sa negosyo

Ang bisa raw nito ay lihis-bala o hindi tinatablan ng bala ang taong nag-iingat (kabal). Upang magkaroon ito ng bisa sa nag-aalaga, ang sabaw o laman ng batang binuro ay kakainin sa loob ng siyam na Biyernes (o ayon sa naitakda) sa unang taon ng pag-aalaga at kada Biyernes Santo na lamang sa mga susunod na taon upang maging patuloy ang bisa nito. Ang mga ganitong uri ng anting-anting, ayon sa kanya ay mabigat na dalahin sa buhay sapagka't ito ay mainit sa katawan at hindi naaayon sa batas ng Maylikha.

Mayroon ding mga nakapanayam na nag-iingat ng mga anting-anting na tanging para lamang sa proteksyon nila sa pang-araw-araw katulad nina Lolo Augusto[20] at ang batang si Parish Lipar[21], 19 na taon, nakatuntong rin ng kolehiyo at kumuha ng Computer Engineering nguni't pansamantalang huminto muna sa pag-aaral. Si Parish ay anak ng isang dating *Barangay Captain* sa kanilang lugar na si Saturno Lipar (kilala ring kasapi ng samahang "Haring Bakal" o Pulahan sa Ternate). Si Parish ay pinagkalooban ng kanyang ama ng anting-anting noong kanyang ika-17 kaarawan. Ayon pa rin sa kanya mayroon din

siyang mga medalyon at mutya para sa kagat ng hayop na kaloob din ng kanyang ama.

Ang Kapangyarihan ng mga Bayugo

Mahiwaga ang kuwento ni Mang Albert,[22] isang kababayan at madalas ay nasa ibang bansa bilang isang *overseas worker.* Isiniwalat niya ang kanyang mga nalalaman tungkol sa mga anting-anting. Isa sa mga kuwento niya ay ang tungkol sa "bayugo". Ito raw ay ang mga tuhod ng tao na mayroong mga hindi pangkaraniwang kapangyarihan. Ang mga kapangyarihang taglay nito ay "kabal", "taga-bulag", at higit daw sa lahat, ang kapangyarihan ng "lakas" (pagkalalake).

Dati siyang nag-iingat ng bayugo ngunit napabayaan niya ang pagpapakain dito (ang pagpapakain dito ay sa paraan ng orasyon o dasal). Ang bayugo ay kinukuha sa mga bangkay sa sementeryo. Walang takdang oras para kunin ito ngunit kailangang isang pares ito kapag kinuha sa bangkay. Mahalaga rin daw na malaman ng mag-aalaga ang pangalan ng bangkay na pagkukuhanan nito dahil importante na alam ang pangalang itatawag sa mga ito. Ang taglay daw na ugali at pagkatao ng yumaong nagmamay-ari ang siyang sasalin sa magmamay-ingat nito. Sa kaso ni Mang Albert, nalaman niya na ang bangkay na kanyang pinagkuhanan ay isang dating pulis sa Maynila na namatay sa sakit. Nakuha niya ang mga bayugo nito sa Sementeryo del Norte sa Maynila. Ang bayugo sa wikang Ingles ay "*kneecap*". Paminsan-minsan ay nagpapakita sa kanya sa panaginip ang nasabing pulis, kung minsan pa nga raw ay nasa tabi niya sa kuwarto.

Ang hindi pag-aalay ng orasyon sa mga alagang bayugo ay magpapakahulugan ng pangangambala ng kaluluwa ng bangkay na nagmamay-ari nito. Ayon pa kay Mang Albert, mabigat na dalahin sa buhay ang pag-aalaga ng bayugo dahil ito raw ay sa "kaliwa". Ito ay nakakamit sa paraang labag sa batas ng kalikasan. Ang mga yumao ay nagagambala ng mga taong-buhay para sa kanilang sariling kapakanan. Nang malaon ay ibinaon na lamang niya ang mga bayugong iniingatan niya. Ayaw na niyang mag-ingat ng mga ganitong uri. Mahirap na raw, baka balikan siya ng kalikasan.

Bayugo, buto ng tuhod ng bangkay ng tao, ginagamit para sa katapangan. Inoorasyunan ito upang magkabisa



Buod ng mga Paniniwala sa Anting-anting sa Kabite

Ang Anting-anting sa Paniniwala at Karanasan ng isang Doktor ng Medisina sa Kabite

"Sa pangkalahatan talagang maraming me mga anting-anting na lumalabas…ito ay nanggaling pa siguro nung panahon pa ng mga Kastila…na inano sa mga Pilipino…tapos eh, isinalin-salen…na hindi natin alam kung saan nanggaling 'yan - pero…siguro kung meron ka niyan…dasalan mo na lamang ng tamang dasal…kase maaring sa kaliwa 'yan...maaring sa kanan…"

- Dr. Oscar Malimban

(Buod ng panayam kay Dr. Oscar del Rosario Malimban[23], ng Maragondon, Kabite, isang doktor ng medisina, na nagsaliksik din tungkol sa mga anting-anting at dating nag-iingat ng mga ito).

Dr. Oscar Malimban, dating nag-ingat ng anting-anting



Si Dr. Malimban ay isang bihirang kaso ng taong nasa mataas na katayuan at hayagang sinasabing siya ay naniniwala batay sa mga naging karanasan at dati ring nag-iingat ng mga anting-anting. Bibihira ang kagaya niya. Kung mayroon mang mga katulad niya sa lipunan, madalas ang mga ito ay lihim lamang ang paniniwala. Kung anuman ang kanilang dahilan, sila na lamang ang nakakaalam. Sa palagay ng may-akda ay natatakot ang mga ito na mapagtawanan.Kaya't minabuti na lamang ng mga nasa mataas na antas ng lipunan at nakapag-aral na ilihim ang kanilang paniniwala sa mga anting-anting.

Si Dr. Malimban ay isinilang noong ikatlo ng Abril, 1943. Siya ay may asawa (Leonisa Lanez) at may tatlong anak. Isang Katoliko at tubong Maragondon. Siya ay nagtapos ng kursong medisina sa University of the East Ramon Magsaysay (UERM) noong 1969. Isa siyang espesyalista sa *Family Medicine* at ang kanyang klinika ay matatagpuan sa may harapan ng isang unibersidad sa Maragondon, Kabite–ang Polytechnic University of the Philippines na may sangay doon. Ang kanyang klinika, ang St. Benedict's Family Clinic ay ipinangalan niya sa isang patron na pinaniniwalaang may mga kapangyarihan laban sa mga masasamang espiritu at demonyo.

Isang aksidente ang pagkakakilala ng may-akda sa kanya. May okasyon noon sa lugar na pinaglilingkuran ng may-akda, isang matanda ang kanyang tinanong tungkol sa mga anting-anting. Narinig ang kanyang pagtatanong, lumapit ang doktor at nagpakilala. Mayroon daw siyang mga saliksik tungkol sa anting-anting at mga karanasan tungkol dito sa bayan ng Maragondon. Noon ay nakadestino pa sa Bahay na Pinaglitisan kay Andres Bonifacio sa Maragondon, Kabite ang may-akda bilang *curator* nito na nasa pangangasiwa ng Pambansang Suriang Pangkasaysayan (*National Historical Institute*). Ang pagkakalipat sa Maragondon ng may-akda ay nagsilbing isang magandang pagkakataon upang mapalawak niya ang pag-aaral sa mga anting-anting na noon pa man ay gustung-gusto na niyang tuklasin.

Si Dr. Malimban pala ay bunsong kapatid ni Florante Malimban, isang mayamang negosyante at matalik na kaibigan ni Raymundo M. Lubang ang yumaong ama ng may-akda. Ang kanyang kuya ang siyang nagpaaral sa kanya ng kursong medisina.

Ang ama ng may-akda, sa kabilang banda ay mahilig din sa mga anting-anting katulad ng nakatatandang kapatid nito na si Leonardo na dating hepe ng pulisya sa kanilang bayan. Mula sa kuwento ng ama ng may-akda ay natatandaan pa nito na sila raw ay pumupunta sa mga liblib na lugar upang subukin o palakasin ang kanilang mga taglay na anting-anting kapag araw ng Biyernes Santo.[24]

Ang Alikbangon/Ulikbangon: Anting-anting ng mga Ayaw Mamatay

Sa matagal na karanasan ni Dr. Malimban bilang isang doktor ng medisina ay pangkaraniwan na sa kanya na alamin muna sa mga kamag-anak ng kanyang pasyenteng nag-aagaw-buhay kung ang maysakit ay mayroong subong anting-anting. Mahalaga para sa kanya na ito ay malaman sapagkat ang mga taong mayroong subo ay hindi basta-basta namamatay. Kailangan muna nilang isalin o ipasa ang mga subong anting-anting bago sila mamatay. Kapag walang may gustong magmana ng subo ay pinaiinom na lamang nila ng sabaw ng buko o kaya'y gatas ng ina ang nag-aagaw-buhay upang ang nasabing subo ay matunaw at ilabas ng maysakit sa pamamagitan ng pag-ihi. Sa kanyang panggagamot ay marami siyang natuklasang matatanda sa Maragondon na nag-iingat ng mga anting-anting. Ang mga batong nakasubo sa mga pasyente niya ay para raw isang maputing bato ang anyo. Ilan sa mga matatandang kanyang naging pasyente ay nag-iingat ng mutya ng alikbangon. Ang alikbangon ay isang uri ng damo na matatagpuan sa mga bukirin. Ang mutya ng damong ito ay mabisa raw para ang nagmamay-ari nito ay hindi mamatay kaagad. Kagaya ng katangian ng damong ito na parang patay kapag tag-araw, ang mga nag-iingat ng mutya ng alikbangon ay lumalakas kapag nababasa ng tubig ang labi. May isa pang karanasan si Dr. Malimban kung saan ang kanyang naghihingalong pasyente ay kumakain ng lupa upang makitang sa sumunod na araw ay malakas na muli. Marami siyang karanasan tungkol sa hiwaga ng anting-anting.

Ang mga Anting-anting ay Proteksyon sa Kaaway

Ang pag-aalaga ng mga anting-anting ay isang lihim ng mga nag - iingat nito ngunit mayroong mga kakilala si Dr. Malimban na matataas na pulitiko na gumagamit ng mga anting-anting bilang proteksyon sa mga kaaway. Ilan sa mga ikinuwento niya ay sina Congressman Telesforo Unas at Congressman Polly Beratio ng Ikatlong Distrito ng Kabite (parehong kamamatay lamang). Ang mga taong ito, ayon sa kanya ay mayroon daw mga anting-anting na tigalpo o pampalubag-loob sa mga kaaway na kapag tinapik sa balikat ng mga ito ay magiging mabait. Ang mga anting-anting ayon pa rin sa kanya ay hindi dapat abusuhin dahil ang mga ito ay mayroong katumbas na karma. Marami siyang alam na mga taong hindi ginamit sa kabutihan ang mga iniingatang anting-anting kaya sila ay napahamak. Bukod pa rito dapat daw maging malamig ang ulo ng nag-iingat ng mga ganito sapagka't marami sa kanila ang malapit sa basag-ulo at mahilig makipag-away.



Itaas: Mga manggagamot at mag-aanting-anting sa Kabite

Kaliwa: Beinte-otso Familiares, ito raw ang sinturon ng Infinito Dios, na nagtataglay ng lahat ng kapangyarihan

Pagpapasa ng Anting-anting

Ang mga anting-anting ay maaaring ipasa. Ang mga taong may gustong magpasa nito ang siyang namimili mula sa mga anak, kapamilya o kaibigan na pagsasalinan nito. Ayon kay Dr. Malimban, hindi raw kinakailangang malapit nang mamatay ang may ingat nito bago isalin sa ibang tao. Walang takdang araw o panahon para sa pagsasalin ng mga anting-anting. Ang pagsasalin ay ayon sa kagustuhan ng nag-iingat nito. Ang paglilipat ng anting-anting ay maaaring sa pamamagitan ng bibig sa bibig kung ito ay parang bato ang anyo o sa pamamagitan na lamang ng papel na may sulat na mga orasyon (na nakasulat sa wikang Latin) ang siyang isinusubo.

Dating Sinubukan, Mabigat daw sa Buhay

Hindi ikinakaila ni Dr. Malimban na dati ay nag-ingat siya ng mga anting-anting. Nakapunta pa raw siya sa mga lugar na pinupuntahan ng mga nag-iingat ng mga ito kagaya ng Bundok Banahaw. May mga orasyon na dapat ipatupad ang isang nag-iingat ng anting-anting. Ang mga orasyon ang kanilang pakain sa mga anting-anting. Mas mabigat ang kapangyarihang taglay ng isang anting-anting kung mas maraming orasyon. Ang pag-iingat ng anting-anting ay isa ring debosyon sa buhay. Napuna niyang ang mga anting-anting ay mainit sa katawan at hindi siya mapagkatulog dahil dito. Napansin din niya na marami sa mga nag-iingat nito ay mahirap ang mga buhay at bilang isang doktor ng

medisina, ayaw niyang masayang naman ang kanyang propesyon, kaya inalis niya sa kanyang pangangalaga ang mga iniingatan niyang anting-anting. Naniniwala siya sa bisa ng mga anting-anting, iyon nga lamang ay hindi kayang gampanan ni Dr. Malimban ang mga hinihinging pangangailangan ng mga anting-anting.

Mayroong sa Kaliwa at Mayroong sa Kanan

Nagsaliksik din siya noon tungkol sa mga anting-anting at sa pangkalahatan ay natuklasan niya na maraming uri ng anting-anting na lumalabas. Naniniwala siya na ito raw marahil ay nagsimula pa noong mga panahon ng mga Kastila na marahil daw ay isinalin-salin sa mga Pilipino. Mahalaga ang tamang dasal sa pag-aalaga ng anting-anting. Kaliwa o kanan raw kasi ang pinagmumulan ng kapangyarihan ng mga ito, maaaring sa Poong Maykapal o maaaring sa mga demonyo o engkanto.

Mas Makapangyarihan ang Panalangin

Sa pagtatapos ng panayam kay Dr. Malimban, bilang dating sumubok sa anting-anting ay nagpapatotoo siya sa kultura ng mga anting-anting bilang isang matandang paniniwala ng mga taga-Kabite. Sa katunayan ay sinubukan niyang mag-ingat ng mga ito. Isang uri ng kapangyarihan ang anting-anting at dalawang kapangyarihan ang pinagmumulan nito: ang sa mabuti at ang sa masama. Bilang isang nananalig sa mas mataas na kapangyarihan ng Poong Maykapal, naniniwala siya na daig ng kapangyarihan ng panalangin sa Diyos na Maylikha ang mga anting-anting.

Karanasan sa Anting-anting ng Isang Pangkaraniwang Tao sa Kabite

Maraming mga tao ang nag-iingat ng anting-anting sa Kabite. Marami sa mga ito ay may edad na at nasa mababang uri ang kanilang pinagmulan sa buhay. May ilan pa nga sa kanila ay napagkakamalang mga sira ang ulo at hindi masyadong pinapansin sa lipunan sa dahilang marami sa kanila ang hindi nakapag-aral ng mataas na antas. Ang alam pa nga ng iba, mayroon daw sariling mundo ang mga ito. Kadalasan ay hindi normal ang pagtingin sa mga nag-iingat ng anting-anting. Maaaring totoo nga na mayroon silang sariling mundo, sariling mga kakampi at kapanalig subalit mayroon silang mga pansariling paniniwala at ang mga ito ang kanilang pinaninindigan. Ang kanilang takbuhan kapag Mahal na Araw ay ang Bundok Banahaw. Sinasabing malakas ang ugnayan ng Bundok Banahaw at ng mga taong naniniwala sa anting-anting na taga-Kabite.[25] Ang kanilang taunang pag-akyat dito ay katumbas ng isang mananampalataya sa gitnang silangan na pumupunta sa Saudi Arabia para sa Ramadan. Mahalagang maglinis ng katawan sa pamamagitan ng paliligo sa mga banal na batis, magdasal sa mga sagradong pook na pinaniniwalaang narating ni Kristo, magtika at pag-ibayuhin ang lakas ng mga alagang anting-anting sa bundok na ito sapagkat ang mga ito raw ay kaloob ng Maykapal. Haling na haling sila sa taglay na kapangyarihan ng misteryosong bundok na ito. Ang mga naniniwala rito ay naglalagi sa loob ng isang linggo sa nasabing

> " Ke Nardong Putik marameng klase, merong burong bata at meron siyang niyog na walang mata at meron siyang medalyon na tres pico isa mata."
>
> \- Virgilio "Boy" Alba
>
> (kilalang mag-aanting-anting sa Heneral Trias, Kabite)

Kaliwa: Ipinapakita ang haba ng sinturong Beinte-otso Familiares

Gitna: Tres Pico, bilang proteksyon sa bahay

Kanan: Isla Balut, Ternate, Kabite, ito ang lugar ng subukan ng anting-anting kapag Mahal na Araw





pook. Ang taunang pag-akyat dito ay kahalintulad raw ng isang kumbensyon ng mga tao mula sa lahat ng dako ng Pilipinas. Marami sa kanila ay nag-iingat ng mga anting-anting, marami'y nanggagamot sa kani-kanilang mga bayang pinagmulan. Sa kanilang pag-uwi, bitbit nila ang mga bagong biyaya na nakamtan mula sa Bundok Banahaw - mga mutya, orasyon, mga sarisaring dahon at balakbak ng mga puno na gamot daw na bigay ng kalikasan, at mga langis na gamot na handog ng mga ermitanyong kanilang dinadalaw na naninirahan sa kabundukan.

Ang pakiramdam nila'y mas malakas sila at parang nadagdagan ang kanilang mga kapangyarihang taglay sa katawan. Para sa mga mananampalatayang ito, hindi kumpleto ang paniniwala sa mga anting-anting kung ikaw ay hindi pa nakakarating sa bundok na ito. Sama-sama sila ng kanilang mga kaibigan at kapwa mananampalataya kapag pumupunta sa bundok na ito habang dala ang pag-asang sila ay mapagkakalooban ng mga bagong anting-anting sa kanilang patutunguhan.

Isa si Virgilio Alba sa mga taong katulad ng isinaad. Mas kilala siya bilang Mang Boy o Boy Noneng dahil anak siya ni Aling Noneng at marami siyang kapangalan sa lugar nila. Kilalang nanggagamot at maraming taglay na anting-anting, hindi nakatapos ng mataas na pinag-aralan si Mang Boy. Nag-iisa siya sa buhay at sa kasalukuyan ay walang hanapbuhay. Siya ay isinilang noong ika-30 ng Hulyo, 1953. Ang kanyang mga kapatid na nasa ibang bansa (Canada) ang siyang nagsusustento sa kanyang pang araw-araw na pangangailangan. Dati siyang nagtrabaho sa base ng mga Amerikano sa *Clark Airforce Base*, Pampanga ngunit nang pumutok ang Bulkang Pinatubo at nagsara ang base militar ay nawalan siya ng trabaho. Umaasa siyang

Virgilio "Boy Noneng" Alba, kilalang nag-iingat ng mga anting-anting sa Heneral Trias, Kabite



makukuha rin siya ng kanyang mga kapatid, doon na raw siya maninirahan sa ibang bansa at doon na rin manggagamot. Palabiro at masayahin si Mang Boy. Marami siyang kuwento tungkol sa kanyang mga karanasan sa pagpapalawak ng kanyang kaalaman sa mga anting-anting. Marami siyang mga kaibigan sa buong lalawigan na tulad niya ay mahilig din sa mga ito. Mayroong mga patay na at mayroon namang katulad niya'y patuloy pa rin na nag-iingat ng mga anting-anting.

Buod ng Panayam kay Virgilio "Boy" Alba[26], Isang Kilalang Nag-iingat ng mga Anting-anting sa Heneral Trias, Kabite.

Bata pa'y Mahilig na sa Anting-anting

Maliit na bata pa lamang si Mang Boy ay mahilig na sa mga anting-anting. Una siyang nabigyan ng anting-anting noong siya ay bigyan ng lolo ng kanyang kaibigan. Ang kanyang unang anting-anting ay isang medalyon ni San Miguel Arkanghel. Ayon sa kanya, si San Miguel Arkanghel daw ay isang mandirigma ng Diyos at ang bisa raw nito ay laban sa masasamang ispiritu, laban sa mga engkanto at laban sa lahat ng masasamang tao. Ang medalyon na ito ay may kasamang orasyon. Mahalaga raw na kapag mayroon kang medalyon ay alam mo rin ang kasaysayan ng orasyon nito o 'yung tinatawag na pakain. Ang magpapalakas sa mga medalyon ay ang mga orasyon na bumubuhay dito. Si Mang Boy ay maraming taglay na anting-anting - kalikasan man o gawang tao. Ang kanyang koleksyon ng mga mutya (kalikasan) ay ipinakita niya sa may-akda. Ang kanyang likas na hilig na tumuklas ng iba't ibang karunungan ang nagdala sa kanya sa Bundok Banahaw kung saan taunan niyang pinupuntahan kapag sumasapit ang Mahal na Araw.

Ang mga Subong Anting-anting

Ang mga anting-anting na isinusubo ay mainit raw sa katawan. Ang mga may bisa sa lakas (pagkalalake), pampalubag-loob at pampahaba ng buhay katulad ng Mutya ng Alikbangon/Ulikbangon ay sinasabing mainit sa buhay sa dahilang nasa katawan ang mga ito ng nag-iingat. Ang mga subong anting-anting, dagdag pa ni Mang Boy ay hindi na nangangailangan ng mga dasal o orasyon sapagkat ang mga ito raw ay mayroong mga likas na bisa.

Pagsusubok sa mga Anting-anting

Ang pagsubok daw sa mga anting-anting ay isang pamamaraan upang matuklasan kung mayroon pang bisa ang mga ito. Ang mga anting-anting daw ay mayroong mga sarisaring batas na naaayon sa nagkaloob nito. Ang mga anting-anting na galing sa mga engkanto, sa kaliwa o sa masasamang tao ay hindi maaaring dalhin sa mga sementeryo, sa bahay ng mamamatay o sa lamay ng patay. Ang mga ito ay hindi rin maaaring dalhin sa simbahan sapagkat ang mga ganitong anting-anting ay patungkol sa mga masasamang gawain. Ang mga pinangangalagaang anting-anting ni Mang Boy ay para sa kabutihan kung kaya ang mga ito ay hindi niya hinuhubad sa katawan. Saan man siya magtungo ay dala niya ang mga ito.

Ang Pag-aalaga ng Anting-anting sa Buhay ng Isang Tao

Hindi naniniwala si Mang Boy na mabigat dalhin sa buhay ang mga anting-anting. Ang kahirapan daw ng tao ay nasa kanyang kagustuhan - may anting-anting ka man o wala. Natatawang idinagdag pa ni Mang Boy na marami sa mga nasa paligid ay mahirap ang buhay, pero ang mga ito ay hindi naman nag-iingat ng anting-anting. Naniniwala siya na iyon ay nasa pagdadala ng isang tao. Hindi siya naniniwala na mabigat sa buhay ang mga anting-anting. Maaaring kaya raw nagiging mahirap ang buhay ng iba ay dahil ginagamit nila sa kalokohan ang kanilang mga alaga. Ang dagdag pa niya, ang mga ito kung hindi patungkol sa kasamaan at ginamit sa kasamaan ay maaaring umalis o lumayas sa taong nag-iingat nito. Hindi raw nagkukunsinti ang Diyos na gamitin sa kasamaan ang kanyang mga larawan (medalyon) nguni't ipinaalala pa niya na ang mga anting-anting kung mayroong sa mabuti ay mayroon din sa masama. Ang mga ito ay may iba't ibang patungkol - may sa mabuti (iyong sa mga manggagamot) at mayroong sa masama lamang ginagamit. Ang mga gamit ng mga mangkukulam, mambabarang, at mambabales ay mga halimbawa ng sa itim.

Marunong Manggamot

Bilang isang nag-iingat ng mga anting-anting, marunong ding manggamot si Mang Boy subalit ito'y may limitasyon. Mayroon daw iba't ibang antas ang panggagamot at hindi niya pinanghihimasukan kung hindi niya alam ang karamdaman. Natatakot siya na baka mas malakas pa sa kanyang kapangyarihan ang sumasanib sa may karamdaman. Ang kanyang panggagamot ay sa pamamagitan ng pagbuga ng hangin sa tuktok ng ulo ng maysakit. Karaniwan sa kanyang mga ginagamot ay iyong mga binabarang na may lumalabas na hayop sa katawan at mga taong hindi mapagkatulog (dahil kinukulam). May mga alam siyang mangkukulam na bayaran. Ginagawa raw hanapbuhay ng mga ito ang pangungulam sa kanilang kapwa tao.

Ang Anting-anting Bilang Depensa

Sa labanan ay mahalaga ang depensa, ngunit ayon kay Mang Boy hindi dapat ginagamit ang anting-anting sa pagpatay ng kapwa-tao. Ang mga alagang anting-anting ay mabisang depensa lamang

Santo Kristo (baligtaran)

para sa proteksyon ng isang tao laban sa mga kaaway. Ang mga taong may alaga ng mga anting-anting ay dapat na mahaba ang pasensiya dahil hindi dapat dito nagmumula ang away o gulo. Dapat ay huwag na lamang pansinin ang mga kaaway kung hindi rin lamang ginagalaw ng mga ito.

Ang "Kabal" at ang "Subukan" Kapag Araw ng Biyernes Santo

Kapag Mahal na Araw partikular na ang araw ng Biyernes Santo, mayroong isang lugar sa Ternate, Kabite[27] na paboritong puntahan ni Emil Narido, pinuno ng "Haring Bakal" at ng mga kasapi nito. Ang kanilang mga iniingatang medalyon ay binabaril. Ang kanilang mga katawan ay ipinatataga sa mga "*blesser/blessor*" o mga pinuno ng samahan. Nasubok na raw ni Mang Boy na dumalo sa isang pagkakataon. Isinubo raw niya ang isang papel na may nakasulat na wikang Latin (orasyon) at siya ay tinaga sa kanyang katawan. Ang mga taga na iginawad sa kanyang katawan ay nagsisitalbog lamang. Ang ginagamit raw na proteksyon sa mga ganitong pagsubok ay isang uri ng kabal.[28]

Ang "dignum", "binurong bata" at ang mga Anting-anting ni Nardong Putik

Ang *dignum,*[29] ayon kay Mang Boy ay bahagi ng krus na pinagpakuan kay Kristo. Ito raw ay maitim ang kulay at ang bisa nito ay para umunlad ang buhay ng nag-iingat at para maligtas sa mga sakuna. Nabanggit din niya ang tungkol kay Nardong Putik at sa

Medalyon ni Santiago de Galicia

kanyang pagkakaalam ay marami itong klase ng anting-anting na iniingatan kagaya ng "*binurong bata*,"[30] niyog na walang mata at medalyang tres pico na iisa ang mata. Ang "binurong bata" ay gamit sa pagkalalake, proteksyon sa mga kaaway at bilang kabal o proteksyon sa mga bala. Isinalaysay ni Mang Boy ang tungkol sa kuwento ng "binurong bata" at ayon sa kanya ito raw ay mga batang hindi binyagan na kusang ipinalaglag ng sariling ina. Dinadasalan ito ng nakakaalam ng orasyon at kada taon ay kakain ito ng isang kutsara sa loob ng pitong araw upang maproteksyunan sa loob ng taong iyon. Nakakita na raw siya ng binurong bata pero ayaw niyang sumubok nito dahil hindi raw niya kaya. Ayon sa kanya, ang lahat ng anting-anting ay mayroong hangganan, may limitasyon.

Ang Pagsasalin ng mga Anting-anting

Ang pagkakaroon ng alagang anting-anting ay ayon sa kapalaran ng isang tao. Ito raw ay kusang ipinagkakaloob ng kapwa tao. Para kay Mang Boy, mahalagang depensa ang mga anting-anting laban sa mga kaaway. Sa kanyang kaso, maaaring isalin niya ang kanyang mga iniingatang anting-anting sa kanyang mga kamag-anak na karapat-dapat na tumanggap upang sa pagdating ng panahon ay hindi raw apihin ng mga kapwa tao. Para kay Mang Boy, mahalaga na makahulihan muna ng kanyang loob ang taong pagsasalinan niya ng mga anting-anting.

Si Lamberto F. Maglaqui, Jr.: Iba pang Kuwentong Anting-anting

Ipinanganak sa Hermosa, Bataan noong ika-16 ng Hunyo, 1975; si Lamberto[31] mas kilala sa tawag na Jun ay may 15 taon nang naninirahan sa bayan ng Nobeleta sa Kabite. Ang kanyang tiyahing si Marcelina F. Herrera ay nakapag-asawa ng isang manggagawa ng mga medalyon o mga anting-anting. Kilala sa kanilang bayan si Bienvenido Nazaire Herrera,[32] asawa ng tiyahin ni Jun. Si Mang Ben, palayaw ni Bienvenido ay yumao noong ika-10 ng Hulyo, 2000. Sa kanya minana ni Jun ang kaalaman sa paggawa ng mga medalyon. Bukod pa rito, minabuti niyang magsaliksik tungkol sa mga kahiwagaan ng mga ito. Sa pakikipanayam kay Jun ay maraming napag-alaman ang may-akda: mga pagbasag ng mga titik ng medalyon, panyo at iba pang mga lihim na karunungan. Ilan sa mga ito ay ipinahintulot niyang maibahagi sa proyektong ito.

Ang pinakamabigat na gamit para sa kanya ay ang *beinte-otso familiares*. Ito raw ang sinturon ng *infinito dios* (ang "ama" ng ama) at nagtataglay ng lahat ng kapangyarihan katulad ng hindi pagsayad ng bala sa katawan ng nag-iingat nito. Ang nasabing gamit ay isinusuot na parang sinturon sa baywang.

Bilang bahagi ng pagsasaliksik ay nakasaksi ang may-akda ng aktwal na pagbubuo ng mga medalyon sa bahay ng nasirang si Mang Ben Herrera. Ang kanyang maybahay na si Aling Lina sa tulong ng pamangkin na si Jun ang nagpatuloy ng kanyang nasimulang hanapbuhay. Ang mga gawang medalyon ay maaaring ipagawa sa kanila ng pasadya. Sa kasalukuyan, mayroon silang mga suki sa Quiapo na kanilang pinagdadalhan ng mga ito na siya namang ipinagbibili sa mga taong naniniwala sa mga bisa ng medalyon o anting-anting.

IBA'T-IBANG URI NG KABAL

a.) Mayroong nakababad lamang sa bibig;
b.) Mayroong ipinapainom para magkabisa;
k.) Mayroong nakukuha sa puno ng alimasag kahoy na ang kinukuha ay ang pinakapawis ng puno;
d.) Mayroon nakukuha sa tubig ng pinagpaliguan ng baboy-damo na iinumin ng nais magkamit ng kapangyarihang ito.

Isang samahan ng mga mag-aanting-anting sa Nobeleta, Kabite

Ang Bundok Banahaw

Santissimo

Ang mga anting-anting ay isang uri ng karunungan na may kinalaman sa ating kulturang paniniwala o ispirituwalidad. Ayon kay Prospero R. Covar, "iba't ibang karunungan ang sumusulpot sa mundo ayon sa iba't ibang karanasan. Ang lihim na karunungan ay nagmumula sa kalangitan. Pinagmumulan din ng lihim na karunungan ang kailaliman."[33] Ang Bundok Banahaw ay isa sa mga pinaniniwalaan ng maraming mga samahan at kapatiran kagaya ng mga ispiritista, Rizalista kasama rin ang iba't ibang samahan na may iba't ibang sinusunod bilang isang sagradong pook.[34] Bilang isang naniniwala sa mga anting-anting, bahagi ng paniniwala ng isang katulad ni Mang Boy ay ang pagpunta sa Bundok Banahaw kapag mahal na araw. Naniniwala siya sa karunungang nagmumula sa nasabing pook. Ito ay isang taunang panata ng isang katulad niya na may malakas na pananampalataya sa mga anting-anting. Sa Bundok Banahaw nakasentro ang paniniwala sa mga ito. Sa katunayan nagbalak ang may-akda na sumama sa kanya noong nakaraang Mahal na Araw, ngunit naiwanan ito sa paglakad. Sa kanyang pagbabalik mula sa Bundok Banahaw ay ibinalita niya sa akin na medyo kakaunti na ang kanyang mga nakitang matatanda sa bundok. Kahit yata ang pagkuha ng mga anting-anting ay mahirap na sa panahong ito. Ang mga anting-anting na kanyang iniingatan ay nagmula sa mga samahang kanyang kinaaaniban na ang sentro ng pananampalataya ay nakatuon sa Bundok ng Banahaw.

MGA HINDI PANGKARANIWANG GAMIT AT KAALAMAN

Santissimo. Ito ay bahagi ng "*monstrance*" na ninanakawan ng kapirasong pilak na sinag sa paligid nito kapag araw ng Biyernes Santo, sa ganap na alas tres ng hapon. Kaagad daw na ibabaon ang ninakaw sa isang puno ng saging, at pagkatapos ng tradisyunal na "*Siete Palabras*" ng pari sa simbahan ay ibabaon kaagad ito sa anumang bahagi ng katawan ng nagnakaw nito. Ang bisa nito ay kabal o pagkunat ng balat laban sa bala o matatalas na bagay.

Asoge. Ito ay ibinabaon sa katawan upang maging mabilis ang pagkilos. Bagama't ang nagtataglay nito ay malapitin sa kidlat ayon kay Jun mayroon din naman daw pangontra laban sa pagdagit nito.

Luyang Itim. Ang halamang ito ay itinatanim sa bakuran upang hindi pamahayan ng mga masasamang espiritu o mga lamang-lupa ang bahay. Kapag ibinaon naman sa katawan ang mutya nito ay malamig daw ito sa pakiramdam.

Ngipin ng Kalabaw. Ang mahuhulog na ngipin ng isang kalabaw, kapag naagaw mo ay makakamit mo ang lakas ng isang kalabaw. Isang mahirap na proseso ang pagkuha nito dahil ang kalabaw na mabubungian ay manunuwag at lalaban sa taong nais na makuha ang kanyang ngipin na malalaglag.

Pangil ng Kidlat. Ito ay para rin sa bilis, ang mga puno na tinatamaan ng kidlat ay mayroong pangil na nanggagaling sa tumamang kidlat. Kulay puti ito at parang pangil ang hugis, isang mabisang gamit na mahirap na makuha.

Ibinaong mga Batong Brilyante sa Pagitan ng mga Daliri. Ang mga ito ay ginagamit ng mga manggagamot na may matataas na karunungan upang hindi makontra ng kapwa manggagamot.

Mga Panalanging Pabaligtad. Ang isang mabisang paraan upang gamitin sa mahigpit na kaaway ay ang pagdarasal sa lugar na pinagmimisahan ng pari kapag Todos Los Santos sa mga pantyon. Dito, sa loob ng pitong Biyernes na sunud-sunod, bandang agaw-dilim ay ipatutungkol ang isang pabaligtad na panalangin. Kasama rin sa pagdarasal ang intensyon para sa kaaway.

Muta ng Pusang Itim. Ang muta ng pusang itim ay ipapahid sa mata ng nais magkamit ng kakayahan na makita ng tagusan ang baraha ng kalaro sa mga larong sugal.

Mga Mata ng Pusang Itim. Ito ay dudukutin at ibababad sa alkohol at ang bangkay ay ibabaon sa pakrus na daan. Ito raw ay mahusay sa pagsusugal.

Buntot ng Butiki. Ang buntot ng isang butiki na nagsuwi ang pinakadulo na parang titik "Y" ay mahusay sa negosyo. Ito ay isisilid sa bote na may alkohol at pakakainin ng orasyon.

Ilang Katanungan Tungkol sa Pag-aaral ng mga Mahihiwagang Salita at ang mga Sagot ni Jun sa mga ito:

Tanong: Bakit nabubungi ang mga taong nag-aaral ng mga mahiwagang salita?
Sagot: Kadalasan ito ay bunga ng lakas ng mga salitang kanilang pinag-aaralan at ginagamit/winiwika.
Tanong: Ano ang ibig sabihin ng "nagbabakod"?
Sagot: Ito ay ang paghahanda ng mga proteksyon laban sa mga kaaway na mayroong hindi mo alam na kapangyarihan na iniingatan.
Tanong: Anu-ano ang mga halimbawa ng orasyon?
Sagot: Maaaring sa pamamagitan ng usok, sa inumin at sa pagsambit ng pangalan bago lumabas ng bahay

Kongklusyon

Makulay ang mga kuwento tungkol sa paniniwala sa anting-anting sa Kabite. Ang mga anting-anting ay parang mga kayamanang iniingatan ng mga tao rito na kapag dumating na ang takdang panahon ay isinasalin nila ang mga iniingatang lihim na karunungan sa kanilang mga minamahal sa buhay. Itinuturing ang mga anting-anting bilang mga lihim na karunungan sapagka't marami sa mga anting-anting ay hindi hayag sa pangkaraniwang tao. Ang mga ito ay binubuo ng mga lihim na salita at orasyon. Kahit ang mga medalyon at panyo na may kapangyarihan ay hindi puwedeng ihayag sa ibang tao sapagkat sa kanilang paniniwala mayroong mga taong mahusay kumontra sa taglay na bisa ng mga ito. Ang mga anting-anting ay parang mga lihim na sandata na ang mga kapwa nag-iingat lamang ang maaaring pagkatiwalaang makakita. Sa kabutihang palad ay mayroong nagtiwala na ilan sa mga nakapanayam na nagpakita ng kanilang mga medalyon, mutya at panyo nguni't hindi kasama ang mga orasyon.

Ang mga uri ng anting-anting na katulad ng binabanggit na iningatan ni Nardo ay mga proteksyon laban sa kaaway o kabal. Ang bisa ng mga ganito ay mayroon daw hangganan. Ang mga Kabitenyo ay mayroong malakas na paniniwala sa mga ganitong bagay. Sa pagtatantiya ng may-akda ay marami pa ring naniniwala at nag-iingat ng mga anting-anting sa buong lalawigan ng Kabite. Ang Maragondon, Ternate, Indang, Silang, Heneral Trias, Lungsod ng Trece Martires, at Nobeleta ay ilang bayan na aking pinuntahan at halos lahat dito ay mayroong nanggagamot at nag-iingat ng mga orasyon at bulong. Dalawang uri ang mga taong nag-iingat ng mga anting-anting: una, ang mga manggagamot, pangalawa, iyong mga nag-iingat para sa proteksyon. Ang mga taong ito ay may kanya-kanyang pangkaraniwang mga buhay at pamilyang pinagkakaabalahan. Marami sa kanila ay dinarayo dahil sa kanilang kakayahang magpagaling ng mga maysakit. Kadalasan, sila ay manghihilot at mangtatawas.

Sa panahon ng pagsasaliksik ay napuna ng may-akda na marami sa mga may-ingat ng mga anting-anting ay mahirap ang buhay o hindi nakakaangat sa estado sa buhay. Marami sa kanila ay dating karpintero, *janitor*, barangay tanod at nagtatrabaho sa mga mababang uri ng patrabaho. Ang iba naman ay nanggagamot sa kanilang mga bahay at abuloy lamang o kusang loob ang ibinibigay ng mga nagpapagamot. Ang isang doktor ng medisina, si Dr. Malimban ay dating nag-iingat ng mga anting-anting ngunit sa ngayon ay wala nang iniingatan sa sarili. Bilang isang doktor ay simple lamang ang kanilang pamumuhay

Mga uri ng materyal na maaaring gamitin sa pagbuo ng medalyon

a. Tanso (puti, pula, at dilaw)
b. Pilak
k. Ginto

Mga hakbang sa pagbuo ng mga medalyon na ginagamit na anting-anting ayon sa proseso na natutunan ni Jun sa kanyang tiyuhin:

a. Imomolde ang medalyon sa lupang pino (pangkaraniwang lupa), gagamit ng isang pagmomoldehan (*pattern* na medalyon);
b. Bubuhusan ang molde ng tinunaw na tanso (o kung anong uri ng materyal na pupuwede);
k. Palalamigin muna ang bagong medalyon na nabuo; at
d. Sa huling bahagi, kikikilin at pipinuhin ang mga paligid ng bagong medalyon.

sa bayan ng Maragondon. May kasabihan ang mga tao na hindi raw magaang dalhin sa buhay ang mga anting-anting dahil mainit daw ito sa katawan at maraming pagsubok na darating sa buhay.

Sa kabila ng ganoong kalagayan sa buhay at parang isang pamilya, ang mga naniniwala sa mga anting-anting ay nagkakabigkis-bigkis at patuloy ang kanilang mga buhay-buhay. Alam nila ang mga kuwento ng mga kilalang taong may anting-anting sa Kabite tulad ni Nardong Putik. Alam ng marami sa kanila ang mga uri ng anting-anting na umiiral. Batid nila kung anong uri ang taglay na anting-anting ng bawat isa sa pamamagitan pa lamang nang pagtingin sa mga medalyon o panyo. Ito ay dahil sa kanilang malalim na kaalaman. Ang pagtuklas sa iba't ibang uri ng anting-anting ay parang isang walang katapusang hamon sa kanila na palawakin ang antas ng kanilang karunungan. Sila'y parang mga batang may bagong laruan na ipinapakita sa kapwa may-ingat, kapag sumasapit ang Mahal na Araw.

Ang paniniwala sa anting-anting ay walang pinipiling antas ng tao sa lipunan sa Kabite. Patuloy pa rin ang pagdagsa ng mga tao sa mga manggagamot o albularyo bago pa man sila magpunta sa mga ospital. Mayaman man o mahirap ay naniniwala sa bisa ng mga manggagamot. Kadalasan ang mga ito ang takbuhan nila kapag nakakaramdam sila ng masama sa katawan o kaunting sakit ng tiyan. Sa manggagamot ang madalas na takbo para magpatawas upang malaman kung nabati o napaglaruan ng maligno o engkanto, o ginawan ng kalokohan ng isang tao.

Sino ba sa mga taga-Kabite ang hindi nakarinig ng kuwento ng kababalaghan na ugnay sa kuwento ng mga nag-iingat ng anting-anting? Saang bayan sa Kabite ang wala kang makikitang manggagamot o albularyo? Dapat pakatandaan na ang mga manggagamot o albularyo ay mga taong nag-iingat ng anting-anting (bulong man ito, subo o orasyon). Halos lahat ng mga kinapanayam sa panahon ng pagsasaliksik ay may alam sa panggagamot. Maliban sa kuwento ng produksyon ng anting-anting na ipinagbibili sa Quiapo na ipinagpapatuloy ng pamilya ng nasirang si Mang Ben ng bayan ng Nobeleta (na malawakang tinalakay sa pag-aaral ni Nenita Pambid sa kanyang tesis). Ang mga anting-anting sa lalawigan ng Kabite ay parang mga *heirlooms* o pamana na nagmula pa sa kanilang mga ninuno.

Kung ang mga ito ay walang basehan, bakit patuloy pa rin ang pagdagsa ng mga tao sa mga manggagamot? Hindi pa rin kayang ipaliwanag ng makabagong siyensya ang mga kamangha-manghang hiwaga kaugnay sa mga anting-anting. Ang mundo ng mga naniniwala rito ay patuloy sa pag-usad. Ang paniniwala sa anting-anting ay naririyan lamang sa tabi-tabi. Patuloy man ang pag-usad ng teknolohiya at siyensya, ang mga anting-anting ay hindi mawawala bilang isa sa mga paboritong paksain ng mga taga-Kabite, may bisa man ang mga ito o wala.

Koleksyon ng Cavite Pictures, Inc.

Apendiks A:

ILANG PELÍKULA NI RAMON REVILLA NA TUMALAKAY SA ANTING-ANTING:

1. Nardong Putik	**1972**	Cavite Pictures, Inc.
2. Pepeng Agimat	**1973**	Imus Productions, Inc.
3. Hulihin si Tiagong Akyat	**1973**	Imus Productions, Inc.
4. Ibilanggo si Cavite Boy	**1974**	Imus Productions, Inc.
5. Pepeng Agimat (Daigdig ng Kababalaghan)	**1974**	Imus Productions, Inc.
6. Kill the Carnappers	**1974**	Cavite Pictures, Inc.
7. Kapitan Eddie Set	**1974**	Imus Productions, Inc.
8. Balakyot	**1975**	
9. Kumander Agimat	**1975**	Premiere Productions, Inc.
10. Bergado, Terror ng Cavite	**1976**	Imus Productions, Inc.
11. Bergado	**1976**	Imus Productions, Inc.
12. Gulapa (Ang Barakong Mayor ng Maragondon)	**1977**	Imus Productions, Inc.
13. Bianong Bulag (One Eyed Terror of Cavite)	**1977**	Imus Productions, Inc.
14. Malabanan, Kilabot Hunter ng Cavite	**1978**	Imus Productions, Inc.
15. Boy Imus (Anak ni Tiagong Akyat)	**1978**	Imus Productions, Inc.
16. Camerino	**1978**	GPS Films
17. Boy Putik	**1979**	Imus Productions, Inc.
18. Kapitan Eddie Set	**1983**	Imus Productions, Inc.
19. Kapitan Inggo, Kumakain ng Bala	**1984**	Imus Productions, Inc.
20. Wanted Dead or Alive: Nardong Putik	**1984**	Imus Productions, Inc.

Apendiks B

Panayam kay

Esther Manicio Dadula

anak ni Leonardo Manicio

Jeffrey: Ah, magandang tanghali po sa inyo, kung pupuwede po sana ay ipakilala ninyo ang inyong buong pangalan.

Esther: Ah, magandang tanghali den, ako si Mrs. Estrellita Manicio Dadula, may limang anak na nakatira dito sa Sabang…Carungcong Subdivision-171 Carungcong Subdivision, Dasmariñas, Kabite…umpisa ng kami'y ipanganak, pati magulang ko dito na rin sila sa Sabang.

Jeffrey: Ano po ang pangalan ng inyong ina-buong pangalan po.

Esther: Ah, ang mother ko eh, Mrs. Feliciana Nolasco Manicio… Manicio sa father…ang…

Jeffrey: Ang inyo pong ama?

Esther: Ang aking ama naman eh si Leonardo Manicio…Sr..

Jeffrey: Ah, ano po ang ah…ah…inyong ah…matatandaan sa inyong mga magulang? Nasaan na po ang inyong ama nga pala at ina?

Esther: Pareho na sila patay ngayon.

Jeffrey: Kailan po namatay ang inyong ama?

Esther: Ah…father ko eh…October 10, 1971 namatay.

Jeffrey: Ang ina po?

Esther: Ang mother ko eh namatay ng July 3rd…nineteen…anu ba yon? Bale anu na siya ngayun eh…six years na siyang patay ngayon…

Jeffrey: Six years na po…Ah, ilang po ang inyong naging ah…mga kapatid? Ilan po kayong magkakapatid? Sinu-sino po sila?

Esther: Ako ang…natatandaan kong sinasabi ng magulang ko…meron pa akong dalawang kapatid…na si…Epitacio at Pili…ano-Piting…Piting kung tawagin nila no? bago pa ako…ako ang bale pangatlo…pero sa buhay…pumapatak na ako ang panganay…bago me sumunod sa akin na panga…babae…si Angelita Manicio Beltran ngayon at ang aming bunso ay si Leonardo Manicio Jr.

Jefffrey: Yun po yung junior…

Esther: Yun ang bunso…

Jeffrey: Ano po ang pangalan ng inyong ah…mister?

Esther: Ah, si Mr. Francisco Margate Dadula…

Jeffrey: Margate?

Esther: Mergate.

Jeffrey: Mergate…ngayon, ilan po ang inyong naging anak?

Esther: Lima.

Jeffrey: Lima po...ano po ang ah…matatandaan ninyong ah…inyong naaalala sa inyong pong mga magulang…lalo na po sa inyong ama? Bilang isang ama? Ano po yung naaalala nyong ugali?

Esther: Bilang isang ama eh…kahit naman ganun ang anu nya…may… talagang ang anu nila sa amin…eh, mapalaki kami ng maayos at me pinag-aralan…kaya kahit papano ang magulang kong…baba… babae-ang nanay ko ang talagang pumapasan sa amin noon…pero ok naman ang father ko…sa ganang amin…magula…mahusay na magu… na ama…

Jeffrey: Ano po ang inyong pinag-aralan? Ano po ang inyong narating?

Esther: Ako eh, anu lang …high school…pero yung kapatid kong sumunod sa akin nakatapos siya ng accountant…

Jeffrey: Oho…

Esther: Tapos 'yung ano…'yung kapatid kong bunso…maraming nakuha bale 'yon pero ang natapos non electrical …

Jeffrey: Oho…

Esther: engineering…

Jeffrey: ay oho…

Esther: Sa Mapua…

Jeffrey: ay oho…

Esther: U.E. naman 'yung kapatid kong babae…pero sa ginagamit niya ngayon sa trabaho…mga natutunan niya yon nung siya ay magsundalo…mag-pc…sa computer-'yun ang na-master nya.

Jeffrey: Ang father po ninyo ano po ang naging trabaho niya na natatandaan nyo noong kayo ay bata pa?

Esther: Pulis siya noong araw eh.

Jeffrey: Pulis po siya…bakit po Nardong Putik?

Esther: Ay, ano na lang yon mga bansag ng matatanda nung araw sa lolo ko 'yon…ewan ko nga kung bakit sa father ko itinransfer…

Jeffrey: Yung lolo nyo po ay si?

Esther: Juan Putik kung tawagin…Manicio, oo.

Jeffrey: Paano po 'yung kuwento ni Juan Putik…bakit po Juan Putik?

Esther: Kasi ayon sa mga naririnig ko…sa mga kababata na ng lolo ko…

Jeffrey: Opo…

Esther: Kaya daw tinawag na putik…eh, anu kahit anung sugat…o ano dahil isang magbubukid eh, alam mo naman nung araw mahihilig sa mga herbal…eh, sa kanya putik sa punso… itatapal niya lang 'yon…ke nataga siya..ke naka…ke anuman ang naging sugat niya…basta oras ng trabaho…putik lang daw ang itinatapal…

Jeffrey: Oho…

Esther: Kaya naanuhan siya sa dami ng Juan dito sa baryo namen… me Juan "Piko"…eh, siya ay si Juan "Putik".

Jeffrey: Ayun… doon po nagsimula…hanggang sa namana rin ng inyong father…

Esther: Oho…

Jeffrey: …Nardong Putik…Naniniwala po ba kayo sa kuwento na ang inyong father ay may anting-anting? Naniniwala ba kayo dito?

Esther: Nung araw para…parang pinaniniwalaan ko rin…dahil sa

na-eexperience ko sa kanya…

Jeffrey: Oho…Anu po 'yung experience nyo?

Esther: Pero…kagaya nga nung sabi ng matatanda…ang isang anting-anting, pagnahipo ng babae… eh, delikado… nanganganib na raw ang…kung baga sa ano-may taning na…eh, iyun sa experience ko…iyun ang nakuwanan ko 'yung "kalmen" niya…

Jeffrey: Oho…

Esther: Iyun ang kahulihulihan niyang uwe na nahipo ko…dahil lilinisin ko 'yung kalat niya-bigla na lang siyang bumalek…

Jeffrey: Oho…

Esther: Ang alam ko malayo na siya-kumbaga Imus o ano naandoon na siya…eh, ewan ko kung bakit bigla na lang pumasok sa kuwarto…yon hinalbot niya sa akin-wala na siyang magagawa dahil hawak ko na…

Jeffrey: Ano po 'yung hitsura nung "kalmen"?

Esther: Tapos…parang isang supot…ewan ko kung iyo… ano 'yung nasa loob-basta iyon lang ang nahipo ko…

Jeffrey: Saan po niya inilalagay ang "kalmen"?

Esther: Sa likod ng kuwelyo niya…sa leeg.

Jeffrey: Ah, sa damit po…lagi niyang suot-suot 'yon?

Esther: Siguro…at da..de…non ko lang nga 'yon nakita eh…tapos sumunod Friday yata 'yon…ng hapon-Sunday namatay na siya.

Jeffrey: Ano po ang natatandaan nyo ng burol ng father nyo? Nang namatay siya-paano siya tinanggap…ng mga kasambahay… ng mga kapitbahay ninyo-paano po 'yung lamay?

Esther: Ang lamay parang ano…kahit bumabagyo…talagang ang daming tao…araw – gabi…pag pumasok ang nakikiramay, pag pumasok sa salas isang tingin lang siya labas siya sa kusina…hindi na siya puwedeng umenter pa uli…unless na sasama uli siya sa pila…

Jeffrey: Sa haba ho ng pila…

Esther: Oho…at saka siksikan talaga…magdamag, maghapon…

Jeffrey: Nasaan ho kayo ng napatay ang father ninyo?

Esther: Ay, nun naandito pa ako sa bahay…tapos na nanganak ako din nung araw na 'yon…na hindi ko naman alam na patay na pala siya…tapos after three days o four days saka ko lang nalaman na patay na siya…iyon kaya inabot ko pa rin siya dito na nakaburol…

Jeffrey: Saan po siya napalibing?

Esther: Sa Dasmariñas Cemetery.

Jeffrey: So, ah… bilang pagtatapos po sa ating panayam na ito-ano po ang masasabi ninyo o, maaalala ninyo sa inyong ama bilang isang magulang at bilang isang ah… kilalang tao sa kasaysayan ng Kabite.

Esther: Sa pagkakaalam ko sa isang magulang, talagang kung ano ang nala…nararamdaman ng isang magulang na ipinalalalasap sa amin ganun din kaya lang mayka…ang anu nga lang…merong …ang hirap nga lang sa kanya may kakulangan, sa pam…lalu na sa pera…ah, mapuwera na lang kung matulungan siya ng tao…pero, sa mga tao alam ko…maganda ang ano ng tatay ko lalo na sa kabitenyo… kaya, ewan ko na lang sa iba no ho, pero…siguro nakakapag-research ka pa…ayaw ko rin naman na magmalaki ng todo-dahil baka sabihin magulang ko 'yon…pero sa trabaho mo sinasabi mo nga… siguro ikaw

man sa sarili mo ma…matutuklasan mo kung ano talaga ang buhay ng tatay ko…iyon lang.

Jeffrey: Marami pong salamat! Ah, sa inyong oras at pagkakataon at sa pagtitiwala ninyo sa akin para sa panayam na ito…

Esther: Walang anuman…salamat din at sana sa maganda 'yan magtapos talaga…nagtitiwala ako saiyo…ok.

research ka pa…ayaw ko rin naman na magmalaki ng todo-dahil baka sabihin magulang ko 'yon…pero sa trabaho mo sinasabi mo nga… siguro ikaw man sa sarili mo ma…matutuklasan mo kung ano talaga ang buhay ng tatay ko…iyon lang.

Apendiks K

Panayam kay

Virgilio "Boy" Alba

kilalang mag-aanting-anting

Jeffrey: Magandang Gabi, ngayon ay ika-pito ng Marso taong dalawang libo at tatlo, araw ng Biyernes-unang Biyernes ng buwan at ah, ngayon ay alas-otso disinuwebe ng gabe, aking kakapanayamin ang isa sa kilalang nag-iingat ng anting-anting dito sa lalawigan ng Kabite-narito tayo sa bayan ng Heneral Trias-Magandang Gabi po! Ah, puwede po sanang ibigay ninyo ang inyong kumpletong pangalan…

Virgilio: Pangalan ko- Virgilio Alba.

Jeffrey: Ah, Sino po ang inyong ah…mga magulang-ang inyong ina?

Virgilio: Veronica Asercion at saka Juan Alba.

Jeffrey: Kailan po kayo ipinanganak? Kumpletong petsa?

Virgilio: Nineteen fifty three…

Jeffrey: Ano pong buwan? At araw…

Virgilio: July…thirty.

Jeffrey: Ah, sino po ang kanilang asawa?

Virgilio: Binata…single…walang asawa…

Jeffrey: Ah, Ano po ang inyong kasalukuyang trabaho?

Virgilio: Ah, nang araw maraming mga tarbaho, ngayon wala na Clark (Clark Field sa Pampanga)…wala ng tarbaho.

Jeffrey: Ano po trabaho nyo dati sa Clark?

Virgilio: Ah…yung ah…boy!

Jeffrey: Ah, Parang utility…

Virgilio: Oo, yun…

Jeffrey: Ah…

Virgilio: Tiga-lines…mga…minsan eh, tubero-all around.

Jeffrey: Tanong ko po sa inyo, ah, puwede ko po kayong matawag na Kuya Boy ano ho? Kuya Boy, tanong ko po-kayo po ba'y naniniwala sa mga agimat, gamit…anting-anting?

Virgilio: Oo, naniniwala ako.

Jeffrey: Kayo po ba'y mayroon nito?

Virgilio: Iyan ang-yang unang bagay na 'yan…yan ang number one depensa sa tao.

Jeffrey: Meron po kayo-sa madaling salita…

Virgilio: Meron, kahit koonte…

Jeffrey: Kailan po kayo nagkaroon ng anting-anting at paano nyo ito nakuha.

Virgilio: 'Yan eh, maliit pa ko eh nahiligan ko 'yan ke Tiagong go…Ronquillo.

Jeffrey: Ito po yung sinasabing nyong si Santiago Ronquillo.

Virgilio: Oo, na tunay ang tu…unang gumanap niyan si… Jose Padilla Jr….

Jeffrey: Oho…

Virgilio: …ng taga- Nobeleta.

Jeffrey: Oho…na naging pelikula rin ni Ramon Revilla ng kalaunan…

Virgilio: Oo, se…second time na si Ramon Revilla.

Jeffrey: Bakit ho kayo natuwa ke Tiagong Akyat-ke Santiago Ronquillo?

Virgilio: Sapagka't siya noong si Ronquillo-ang kanyang gamet… tinuro niya sa mga mahirap-nag-iisa siyang Robinhood…

Jeffrey: Para siyang…

Virgilio: Sa batas ng tao…'yung umabuso siya.

Jeffrey: Bakit po kayo nagkaroon ng inspirasyon mula sa pelikulang ito sa pagkakapanood nyo?

Virgilio: Nung bata pa ko nahiligan ko na 'yan…talagang pag mga 'to…ngayon, kaya ako nagkaroon naman niyan-sumimba ako ke Tata Usteng ng Tanza…sabi ko sana ma…maliit pa'ko mga…mga…elementary pa ko… mga apat na grado- ang sabi ko eh, sana pagkalooban nyo po ako ng ganyan ganto…natupad! Ibinigay sa akin ng unti-unte…hanggang sa nag…karoon ako ng kaibigan…na kaibigan ko'y meron bago…sinama ko sa lolo-binigyan ako ng mga lolo-mga kaibigang lolo.

Jeffrey: Ano po ang una inyong naging anting-anting?

Virgilio: Ang una kong anting-anting eh San Miguel Arkanghel.

Jeffrey: Para saan po ito?

Virgilio: Si San Miguel Arkanghel-'yan ang guerrero ng Diyos…anim 'yung…anim si…ar…pito sila-isa bumagsak sa lupa…si San Miguel Arkanghel.

Jeffrey: Ah, ano po ang mga kapangyarihan niya na…taglay? ng anting-anting?

Virgilio: Ang kapangyarihan ni San Miguel-laban sa masamang ispiritu, laban sa mga engkanto, laban sa lahat ng mga masasamang tao…

Jeffrey: Ito po bang anting-anting na ito ay ano-medalyon ba ito o bulong?

Virgilio: Ang medalyon…ay me kasamang orasyon…

Jeffrey: So, medalyon po siya…

Virgilio: Oo…kailangan kung me medalyon ka…alam mo kasaysayan ng kanyang orasyon.

Jeffrey: Ito po yung tinatawag nilang pakaen…

Virgilio: Oo. Dasal…kung wala-hindi mo alam ang sikreto wala ren-useless…kailangang meron kang combination ng kasaysayan niya at saka 'yung kanyang larawan…at least pagdinadasalan mo siya-alam mong nabubuhay siya-mararamdaman mo sa iyong katawan na ika'y lumulutang sa hangin-at parang 'di ka natuntong sa lupa…

Jeffrey: Ito po ang isa sa mga epekto ren pag may anting-anting…

Virgilio: Oo.

Jeffrey: Ano po yung sinasabi nila na ang mga anting-anting daw ay mainit sa katawan?

Virgilio: Ang sinasabing mainit-yung mga subo.

Jeffrey: Ano po yung mga subo?

Virgilio: 'Yung mga sa lakas…pampalubag loob…at saka 'yung

mga pampahaba ng buhay…ulikbangon…'iyan ang mga sinasabing mainit sa buhay 'yan-dahil nasa katawan 'yan eh…

Jeffrey: Pero 'yung suot-suot lang po hinde…

Virgilio: 'Yung mga orasyon hindi mainit sa buhay 'yan…

Jeffrey: Ang subo hu ba na mga anting-anting-hindi nagsa…oorasyon?

Virgilio: Hindi na…sapagka't 'yan eh, natural na…kung ano masabi mo sa tao-eh, nagaganap!Pag-sinabing pumirmi ka-pirmi tao.

Jeffrey: Depende sa subo…

Virgilio: Oo…

Jeffrey: Kung ang subo nyo'y pampalubag loob

Virgilio: Oo iyon…susunod ang tao sa iyo…Pero kung ang subo mo'y sa lakas-sa lakas laang 'yon, pero wala sa bala 'yon…

Jeffrey: Pag hu-'yun pong sinasabing - pag-Mahal na Araw, 'yung mga Biyernes Santo…bakit maraming sumusubok…dito po ba sa bayan ng Heneral Trias-di ba kayo'y tubong Heneral Trias ano pong eksaktong address nyo nga pala dito?

Virgilio: Ah…Vibora Street.

Jeffrey: Talagang dito kayo ipinanganak at ah…

Virgilio: Oo, dito Asercion Street…matagal na!

Jeffrey: Sa madaling salita po-dito po ba marami pa ring sumusubok…

Virgilio: Ay, wala na madalang na…nong araw pa inabot ko 'yan…kasi 'yung iba kaya nagsusubok…tinitingnan nila kung buhay pa at least kung sila'y nagkulang naman at tinamaan - wala na 'yon…

Jeffrey: 'Yun pong sinasabi nilang na ang mga anting-anting daw eh hindi puwedeng dalhin sa mga burol, sa mga patay, sa mga sementeryo…

Virgilio: Kumporme…kumporme kung ika'y me nagkaloob sa iyo-na sinabi'y bawal sa ganon sunurin mo…pinakabatas nila yun eh-me batas batas nya me partes 'yun eh!

Jeffrey: Sa madaling salita po…depende pala 'yon?

Virgilio: Depende.

Jeffrey: Yung mga gamit nyo puwedeng dalhin sa sementeryo?

Virgilio: Sa aken puwede sa simbahan…puwede sa patay…puwede sa sementeryo…ang sinasabing bawal-'yung sa kaliwa! Na me anting-anting ang hawak sa engkanto…maligno… mga tikbalang 'yun ang bawal sa mga simbahan.

Jeffrey: Ang mga engkanto, maligno ay nagkakaloob den?

Virgilio: Oo! Nagkakaloob din sila!

Jeffrey: Pero sa itim 'yan…

Virgilio: Ang tawag…dahil 'yan sumasabay dahil ang Diyos lumalang ha? Si Luper…si Lucifer sumabay sa Diyos…dahil nakuha niya ang karunungan ng Diyos…na ang iniisip ng Diyos…eh, iniisip din ni Lucifer…kaya sabi ni Lucifer alam ko na…gagawa si Jesus ng tao-gagawa rin ako ng tao…gumawa si Jesus ng tao, gumawa si Lucifer-pagbagsak ng sa mundo naging unggoy…nag-gawa siya ng puno nagingtuod…walang dahon…gumawa siya ng…mga ha…bagay-bagay na hayop…bumagsak eh…ahas! 'Yan ang kanyang mga at mga…nilalang…pero nilalang ng Diyos puro

kabutihan.

Jeffrey: Ilang taon na po kayong nangangalaga ng mga anting-anting?

Virgilio: Ow, mga…ano na…forty nine na ako…eh mga …tagal ng panahon!

Jeffrey: Tagal na ho hindi nyo na matandaan!

Virgilio: Hindi ko na matandaan…

Jeffrey: Iyan po bang pangangalaga ng anting-anting hindi ba mabigat sa buhay?

Virgilio: Ah, iyan iya'y iyan ang tas…ipapaliwanag ko sa iyo…merong nagpapaliwanag niyan na sinasabi may-i…nong araw maigse ang…ang tao eh kokonte…kaya sinasabe-mahirap sa buhay, nong araw kokonte tao-ang tanong ko naman-me nagtanong din sa akin nyan-bakit kako ngayon…ang mga tao walang iniingatan-nakita mo namumulot ng basura-kalokohan 'yan hindi totoo 'yan! Kaya sinasabing mainet-nasa kanilang pagdadala…kung dinadala niya sa kalokohan at sila'y nag-wawalanghiya…useless 'yon.

Jeffrey: 'Yun pong sinasabi nila na ang mga anting-anting daw ay lumalayas din sa tao-totoo hu ba yon?

Virgilio: Tutoo ren! Kumporme-kaya lumalayas ginagawa mo sa kasamaan.

Jeffrey: So, sa madaling salita ho may mga antng-anting na para sa kabutihan…

Virgilio: 'Yan, Oo hindi puwede sa kasamaan…dahil ano ang mga banal eh, ang Diyos eh, magkukunsinte! Kahit nasa 'yo larawan ginagamit mo sa kalokohan-iiwanan ka niyan…magdadamdam 'yan! Anak mali ka na… kukunsintihin ka pa ba ng Diyos? Ang Diyos hindi nagkukunsinte…kaya kung ang bagay na iniingatan mo'y ginagamit mo sa kabutihan-hahaba bu…habang panahon…gaganda ang takbo ng buhay mo.

Jeffrey: Sa madaling salita po 'yung sinasabi nila ang anting-anting daw ay dalawang uri isang sa itim isang sa pute…

Virgilio: Oo.

Jeffrey: …may mga anting-anting sa itim na talagang sa itim lang ginagamet.

Virgilio: Ang sa itim sinasabe yung mangkukulam, mangbabarang-yan yung mga…nang… nang…mga palipad hangen –yan ang mga sa kaliwa! Sa itim…

Jeffrey: Kayo po ba bilang nag-aalaga ng mga anting-anting…

Virgilio: Oo…

Jeffrey: O, anting-anting na tinatawag…

Virgilio: Oo…

Jeffrey: O, anting-anting…ay marunong ding mag-gamot?

Virgilio: Ah, nakakagamot din ako-paminsan-minsan…pero hindi 'yung pabalik-balek! Basta ginamot ko…isang gamutan lang…hindi yung sabihin eh…bumalik ka sa ganon bumalik-basta ako 'sang gamutan lang tapos na.

Jeffrey: Ano pong klase ng mga karamdaman ang ginagamot ninyo?

Virgilio: Iyung kaya ko! Dahil me mga antas din – hindi mo basta kayang… kaya ko 'yan! Bah, hindi mo alam…ang sumasakay pala si Lucifer!

Jeffrey: Ano po 'yung mga klaseng gamot na ginagamot… ginagamot nyo nga pala-anong klase…

Virgilio: Binubugahan sa tuktok.

Jeffrey: Ano po 'yung mga karamdaman ng mga binubugahan nyo? Yung mga nagagamot nyo?

Virgilio: Minsan eh…nara…'yung nababarang me lumalabas na hayop…merong hindi natutulog…umiinom lang tubeg…babangon laang iinom ng tubeg tutulog-ganon wala… mga tatlong buwan na… hindi nakaen…excuse (mauubo) pero at least makita mo magtataka sa tao hindi nagkaka-ulcer-ang mga sinasapian-diyan mo ipagtataka…dahil me sapi sila eh!

Jeffrey: Ano po yung me sapi?

Virgilio: 'Yung kaluluwa..yung ispiritu ng mga mangungulam… pumapasok yung kaluluwa na nil… kaluluwa nila duon sa kinukulam…at yun namang kinulam-ang ispiritu non nandon sa manika…kaya pag sinundot ang manika-nasasaktan 'yun tao…kaya pag ang tao nama'y me sape at nahuli mo-andoon yung gumagawa-nahuhu…mahuhuli mo 'yon kung sino siya-kung engkanto, maligno, dimonyo-yan ang mga namiminsala…

Jeffrey: So, ibig sabihin ho…ito yung sinasabi nating kung mayroong mabuting anting-anting may masama…may mabuti ring manggagamot at may masama ring manggagamot…

Virgilio: Meron…

Jeffrey: …Nangungulam?

Virgilio: Oo, meron! Merong manggagamot na… nanggagamot den… nagkukulam!

Jeffrey: Namumuksa…

Virgilio: O, pareho!

Jeffrey: Pareho nyang nagagawa?

Virgilio: Nagagawa nila…merong ganon nagagawa 'yon…ginagawa ng hanap-buhay! Baga, half-half…kalahati sa dimonyo kalahati sa Diyos!

Jeffrey: Sa ngayon ho ba dito sa atin sa Kabite o, kahit dito sa bayan ng Heneral Trias…

Virgilio: Buong Pilipinas 'yan!…Hinde buong Pilipinas 'yan! Kahit saan lalo Bisaya…Bicol…mga Bicol region mga Ilocos…

Jeffrey: Ito ho 'yung mga mambabarang…

Virgilio: Iyan…mga nakakatakot 'yan!

Jeffrey: Pero sa atin dito ho sa Kabite? Marami pa rin ho bang nangangalaga ng mga anting-anting?

Virgilio: Marame, andito sa aten…

Jeffrey: Hindi ho namamatay ang kulturang 'yan?

Virgilio: Hinde, dahil ang ginagamet pang-depensa…kung kailangan mo sa halimbawa sa laban…eh pag na dedehado kailangan depensa…pero hindi sa iyo magmumula-lagi kang depensa laang…hindi 'yung komo meron ka eh ikaw unang papatay…habang ika'y hindi ginagalaw o pinupuksa…hindi ka lalaban…kung binubungangaan ka lang-lampas sa kabilang tenga…labas sa kabila…ganun laang…

Jeffrey: Yung pong ating tradisyon at kultura ng pangangalaga ng mga anting-anting ay medyo malalim ang pinagsimulan no ho? Am…ito hu bang ah, palagay nyong kulturang ito ay sa ngayon tinatanggap pa rin ng mga kabataan?

Virgilio: Ay sa ngayon…wala na baga sa ano eh…pahapyaw! Mas marami ngayong kabataan-drug addiction…kung hindi eh, binabale wala niya.

Jeffrey: Pero ah…'yung sa inyo sa kaso ng inyong mga anting-anting maipapasa nyo ba 'yan kung gugustuhin nyo?

Virgilio: Kung pagkakaloob…duon sa nararapat-yung nakakahulihan mo ng loob…na kakaawa 'tong apo baka paglaki nito-mapasubo sa mga kalokohan-maari kong isalin sa mga apo…apo ko sa pamangken ganon…nababase mo naman…nababasa mo-sa kanyang larawan at nate-trace mo na dumadating ang panahon-nag-iiba generation…nawawala ang psychic power ng Diyos…nanatili ngayon timo-tulad ng mga bombing…ako me kaibigan binato ng granada… sinambot! Pumutok…buo kamay… iyan ang sinasabing orasyon na-malalamon man taglay-ng kapangyarihan.

Jeffrey: 'Yun hung mga pangyayari sa …ah…nagdaang mga panahon na mga tradisyon dito sa anting-anting…

Virgilio: Aha…

Jeffrey: Marami hu ba sa mga ito ay namatay na kagaya ng 'yung pag biyernes santo sinusubukan…yung mga…ah kung epektibo pa…

Virgilio: Ah, marami pa ngang natikem-pero mas marami sa bag…sa bundok ng Banahaw.

Jeffrey: Kayo po ba pumupunta rin sa Banahaw?

Virgilio: Napunta ko 'dyan.

Jeffrey: Dito sa Kabite…me mga lugar ba o mga espesyal na pook na pinupuntahan ang sumusubok?

Virgilio: Marame…me mga kanya-kanya me Imus…me Anabu…me Tarnate (Ternate)…Malagasang…'yung mga tropang Pulahan…

Jeffrey: Saan pong-bakit tropang "Bulacan"?

Virgilio: "Pulahan"

Jeffrey: Pulahan-bakit po?

Virgilio: Dahil 'yan me mga miyembro-miyembro 'yan…pero 'di ako nasama sa mga miyembro.

Jeffrey: Ito po bang tropang Pulahan eh merong silang mga lugar na pinag-pupuntahan talaga na sila-sila lang nagkakakitaan?

Virgilio: Oo, dun sa Tarnate…(Ternate)

Jeffrey: Anong araw po 'yan ginaganap?

Virgilio: Biyernes Santo.

Jeffrey: Anong oras?

Virgilio: Tropa ni Emil Narido.

Jeffrey: Anong oras po 'yan ginaganap?

Virgilio: Eh, minsan umaga na…maaga pa andoon na sila…

Jeffrey: Ano po mga subok na ginagawa nila?

Virgilio: Mga medalya pinababarel…me nagpapataga.

Jeffrey: Ano po yung mga karanasan nyo dito-nakarating na ba kayo don? Nakasaksi na ba kayo?

Virgilio: Nakasaksi na ako…

Jeffrey: Sumubok din kayo?

Virgilio: Sumubok ako-'yung binigay sa aken ng kaibigan kong papel…ng aking kinaen…nung ako'y tinaga'y talbog sa katawan!

Jeffrey: Ah, isinubo nyo 'yung papel…

Virgilio: Oo, kabal talaga 'yon-talagang kailangang me petsa ren…me paniniwala rin sa Diyos.

Jeffrey: Ano po ibig sabihin ng kabal?

Virgilio: 'Yung kunat sa balat.

Jeffrey: Nagiging makunat ang balat…

Virgilio: Oo…
Jeffrey: Anu pa po 'yung mga halimbawa ng mga anting-anting?
Virgilio: Maraming klase…merong babad…merong painom… maraming klase 'yun eh…merong 'yung nakukuha sa puno ng kahoy na…na alimasag kahoy-'yung pinakapawis noon…tsaka 'yung pinagpaliguan ng baboy-damo…'yun po eh mga sa kabal.
Jeffrey: Anu po 'yung ah, "dignum"?
Virgilio: Ang dignum-yan ang krus-pinagpakuan ni Hesukristo… na kahoy kaya tinawag na dignum…kaya naging dignum-maitim 'yan… 'yan siya naging black Nazareth.
Jeffrey: Ano po ang ah bisa ng dignum?
Virgilio: Ang bisa ng dignum? Ang bisa ng dignum…me maganda sa buhay…ligtas sa sakuna…magaang sa tao…magaang sa pera at magaling sa hanap-buhay.
Jeffrey: Natatandaan nyo ba si Nardong Putik?
Virgilio: Oo, natatandaan ko.
Jeffrey: Ano ho ang ah…ah… galing ni Nardong Putik?
Virgilio: Ke Nardong Putik maraming klase…merong burong bata…at meron siyang niyog na walang mata…at meron siyang medalya na tres pico-isa mata.
Jeffrey: Paano nyo po nalaman ang mga galing niya?
Virgilio: Eh, nakikita namin siya tahimik siya-walang kibo…
Jeffrey: Nakita nyo po ba 'yan sa Malabon 'nang nagtatago-dito sa Heneral Trias?
Virgilio: Oo nakikita ko 'yan…nag-iinum 'yan pero tahimik 'yan.
Jeffrey: Kaibigan niya rito si Lauro Sison eh…
Virgilio: Oo, si Kuya Lauro…
Jeffrey: Kapitbahay nyo lang…
Virgilio: Oo, sina Kuya Lauro…'yung mga tropang Navy…ma…maigi si Nardo-mahusay…
Jeffrey: Totoo hu ba 'yon? 'yung sabi nilang burong bata?
Virgilio: Totoo 'yon…
Jeffrey: Eh, bakit sabi ho ng anak…hindi naman daw aswang ang tatay niya…
Virgilio: Hindi…hindi nila ano- sekreto 'yon-sikreto 'yon…
Jeffrey: Anu ho ang kapangyarihan ng burong bata?
Virgilio: 'Yun eh mga hindi binyagan-na hindi kasal…
Jeffrey: Ang mga magulang?
Virgilio: Oo.
Jeffrey: Na ipinalaglag-parang ganon?
Virgilio: Oo, 'yung nalaglag bago ibinuro…bago dinasalan ng matanda-inorasyunan.
Jeffrey: Ano po kapangyarihan ng burong bata?
Virgilio: Bali sa bala…
Jeffrey: Nakakita na kayo niyan?
Virgilio: (Tatango ang ulo)
Jeffrey: Saan po?
Virgilio: Mga tropa ko meron den…pero hindi nakakaen ayoko niyan…hindi mo ka-hindi ko kaya…
Jeffrey: Sabi nila kakain kayo ng pitong araw-sa loob ng isang taon…
Virgilio: Oo, ganun nga…
Jeffrey: sunud-sunud…bago ang kapangyarihan isang taon na…
Virgilio: Isang taon…
Jeffrey: …'di tatalaban?
Virgilio: Oo, kabal 'yon habangbuhay mo 'yun…
Jeffrey: Ano pa po yung mga kakaibang anting-anting na alam ninyo?

Virgilio: Mmm, maraming klase…merong mga santissimo ng panginoon…'yung ginagamit ng pare-pagtataas ng kalis? 'iyon…

Jeffrey: Ano po kapangyarihan nito?

Virgilio: Bah, santissimo…sumusuko tao…kung gusto ko eh tao sa'yo mabaet…ganyan…pero pag me mga bad ispiritung taong umaales…

Jeffrey: Ah, marami pong salamat sa panayam na ito…

Virgilio: Marami ding salamat sa inyo.

Jeffrey: At ah, pagpalain po sana kayo ng Diyos at humaba pa ang buhay ninyo.

Virgilio: Salamat po….ayan…

Kaugnayan ng Anting-anting sa mga Taong-labas ng Kabite

1 Nenita D. Pambid, Anting-anting o Kung Bakit Nagtatago sa Bato si Bathala. (Quezon City: University of the Philippines Press, 2000), p. 18.

2 James Hamilton Paterson, America's Boy The Marcoses and the Philippines. (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., Third Printing 2000), p. 116.

3 Robert S. Love, The Samahan of Papa God Tradition and Conversion in a Tagalog Peasant Religious Movement. (Manila: Anvil Publishing, Inc., 2004), p.102.

4 Teodoro A. Agoncillo, The Revolt of the Masses: The Story of Bonifacio and the Katipunan. (Quezon City: University of the Philippines Press, 1996 Edition), p. 180.

5 Glenn Anthony May, Battle for Batangas A Philippine Province at War. (Quezon City: New Day Publishers, 1993), p.167. Binanggit bilang paghahambing na malawak din ang paniniwala sa mga anting-anting noong panahon ng rebolusyon laban sa mga Kastila hanggang panahon ng mga Amerikano sa Katagalugan kung saan matatagpuan ang Kabite, Batangas, Laguna, at Quezon.

6 Ang isang popular na tawag sa anting-anting sa Kabite ay "gamit".

7 Reynaldo C. Ileto, Pasyon and Revolution. (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1998) p. 22.

8 Samuel K. Tan, The Filipino-American War, 1899-1913, (Quezon City: University of the Philippines Press, 2002) p. 132.

9 Brenda V. Fajardo, "Sining, Paniniwala at Pulitika," sa Ang Sining sa Kasaysayang Pilipino. Alice G. Guillermo, Brenda V. Fajardo, et. al (Quezon City: University of the Philippines Press, 1991), p.125.

10 Magpahanggang ngayon ay marami pa ring mga lupain sa Kabite ang pag-aari ng mga angkan ng mga dating namuno sa rebolusyon noong panahon ng Kastila.

11 Isagani R. Medina, Cavite Before the Revolution (Quezon City: University of the Philippines, 1994), p. 64.

12 Kaso ng mga pamilya Monton at Senares, isa sa mga kilalang awayan ng pamilya sa Barrio Bacao, Heneral Trias, Kabite.

13 Kaso ng mga pamilya Enriquez at Pureza, isa sa mga kilalang awayan ng pamilya sa Barrio Ligtong, Rosario, Kabite.

14 Francis A. Gealogo, Hermeneutika ng Pakikipagtunggali: Ang Pagpapakahulugan sa Diskurso ng Pakikibakang Panlipunan, eds. N.M.R. Santillan at M.B.P. Conde (Lunsod Quezon: Limbagang Pangkasaysayan (LIKAS), 1998), p.133.

15 Ang pananago ni Leonardo Manicio alyas Nardong Putik sa Heneral Trias, Kabite ay isang halimbawa ng pagkakatakutan ng mga taga- roon.

16 Greg Bankoff, Crime, Society and the State in the Nineteenth-Century Philippines (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, Second Printing 2000), p. 79.

17 "Hukbong Bayan Laban sa mga Hapon"-grupo ng mga armadong Pilipino na nakipagtunggali sa mga imperyalistang Hapones.

18 Mga *Friar Estates* kagaya ng San Francisco de Malabon (ngayo'y Heneral Trias).

19 Resil B. Mojares, "The Epiphany of Pedro Calungsod," in Lives at the Margin: Biography of Filipinos Obscure, Ordinary, and Heroic ed. Alfred W. McCoy (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2000), p.48.

20 Alfred W. McCoy, ed., Lives at the Margin: Biography of Filipinos: Obscure, Ordinary, and Heroic. (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2000), p. 1.

21 Panayam kay Clarita Tañagras vda. De Anglo y Castronuevo o mas kilala bilang Lola Claring, Marso 06, 2001. Taped Interview. Bucal I, Maragondon, Kabite.

22 Marami rin sa mga kasapi ng Hukbalahap at gerilya ay kasangkot sa pagnanakaw ng mga alagang hayop. Ginagawa nila itong pagkain at ilan sa mga insidente ng pagnanakaw sa Maragondon, ayon kay Lola Claring ay kinasangkutan ni Biano. Binigyan siya ng babala noon ng punongbayan na si Patrocinio Gulapa nguni't hindi siya nakinig kaya't nang siya ay mahuli, siya ay iginapos at hinila ng kalesa patungong munisipyo habang pinasisigaw ng: "Huwag n'yo akong pamarisan dahil magnanakaw ako ng kalabaw!" Siya ay nakulong ng dalawang linggo.

23 Panayam kay Francisca Glodo vda. De Bergado o mas kilala bilang Aling Precy, Marso 10, 2001. Taped Interview. Bucal I, Maragondon, Kabite.

24 Panayam kay Natividad Jimenez Riel vda. De Gulapa o mas kilala bilang Lola Nating, Marso 05, 2001. Taped Interview. Kaingen, Maragondon, Kabite.

25 Benedict R. O'G. Anderson, "The Idea of Power in Javanese Culture," in Culture and Politics in Indonesia, ed. Claire Holt, Benedict R.O'G. Anderson, and James Siegel, (Ithaca, N.Y.:Cornell University, 1972), pp.1-70.

26 Ibid.

27 Roland Barthes, Mythologies. (Herts: Granada Publishing Ltd. Reprinted 1976), p. 109.

28 Ibid. p.149.

29 John Sidel, "*Walking in the Shadow of the Big Man: Justiniano Montano and Failed Dynasty Building in Cavite 1935-1972*" in An Anarchy of Families: State and Family in the Philippines, edited by Alfred W. Mc Coy (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, Fourth Printing 2002), p. 113.

30 Setyembre 2, 1952, petsa nang maganap ang "Maragondon Massacre" kung kailan pinatay ang punongbayan ng Maragondon na si Severino Rillo kasama ang hepe ng pulisya at dalawa pang pulis.

31 1949, kinidnap si Don Vicente Araneta at ipinatubos sa halagang isandaang libong piso (P100,000).

32 Panayam kay Lauro Sison, Enero 8, 2003. *Taped Interview*. Juan Luna St., Heneral Trias, Kabite.

33 Pinatay si Gregorio Sangalang noong ika-7 ng Agosto, 1955 sa gulang na limampu't dalawa, siya ay kilalang mangangalakal na tubong Batangas nguni't nakapag-asawa ng taga- Heneral Trias, Kabite.

34 Una kong nakausap ay si Maximo "Imo" Manicio sa telepono. Pinsang buo ni Leonardo Manicio na nakatira sa Purok 6, Malagasang I, Imus, Kabite.Nalaman ko na Manicio ang tunay na apelyido nila.

35 Panayam kay Esther Manicio Dadula, Pebrero 27, 2003. Taped Interview. Sabang, Dasmariñas, Kabite

36 Ang kalmen ay isang uri ng proteksyon sa katawan. Ito ay kadalasang nakadikit sa damit ng taong nag-iingat nito.

37 Ang mga anting-anting na ganitong uri ay para sa pagkalalake raw (katapangan) at hindi dapat mahipo ng babae dahil nawawala ang bisa. Sinasabing lumalamig ang bisa nito kapag nahipo ng babae.

38 Panayam kay Beatriz Magsino, Hunyo 8, 2003. Taped Interview. Purok 12, Bacao, Heneral Trias, Kabite.

39 Ang unang pelikula tungkol kay Nardong Putik ay lumabas noong 1972 sa ilalim ng Cavite Pictures. Noong 1984 ay lumabas ang ikalawang bersyon na pinamagatang: "*Wanted Dead or Alive*: Nardong Putik" sa ilalim ng Imus Productions.

Samu't saring Kwento ng Anting-anting

1 Herminia Meñez, Explorations in Philippine Folklore, 2nd printing (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999) p. 96.

2 Ibid.

3 Isagani R. Medina, Cavite Before the Revolution, (Quezon City: CSSP Publications, 1994) pp. 81-84.

4 Ibid.

5 Ibid.

6 Malawakang tinalakay ni Nenita D. Pambid sa kanyang tesis na "Semiótika ng Anting-anting". 1989. Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman.

7 Filomeno V. Aguilar, Jr., Clash of Spirits, The History of Power and Sugar Planter Hegemony on a Visayan Island, (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1998) p 51.

8 Ang mutya ay nakukuha sa mga halaman o kalikasan. Kadalasan ito ay ginagamit na nakasubo sa ilalim ng dila, nakabaon sa katawan o dala-dala sa kasuotan. Ito ay popular sa Kabite.

9 Panayam kay Gregorio Maraña, Marso 11, 2003. Taped Interview. Biga, Silang , Kabite.

10 Panayam kay Valentina R. Cruto, Marso 06, 2003. Taped Interview. Lapidario St., Lungsod ng Trece Martires.

11 Panayam kay Teodolo Maturino, Marso 04, 2003. Taped Interview. Bucal I, Maragondon, Kabite.

12 Panayam kay Alberto Mojica, Pebrero 20, 2003. Taped Interview. Agus-os, Indang, Kabite.

13 Panayam kay Filomena Nuestro, Pebrero 20, 2003. Taped Interview. Agus-os, Indang, Kabite.

14 Ito ay mga panatikong pangrelihiyong sekta na kilala sa Kabisayaan. Sinasabing ginagamit nito ang samahan para sa pampolitikang hangarin. Sa Kabite ay mayroon itong eksklusibong hangarin na patungkol sa mga mag-aanting-anting.

15 Panayam kay Ogie Caber, Marso 12, 2003. Taped Interview. Sapang, Ternate, Kabite.

16 Fenella Cannell, Power and Intimacy in the Christian Philippines, (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999) p.123.

17 Panayam kay Teodoro Diesta, Marso 03, 2003. Taped Interview. Parokya ni San Francisco de Asis, Heneral Trias, Kabite

18 Panayam kay Leoncio Jimenez, Jr., Marso 11, 2003. Taped Interview. Infant Jesus Academy, Silang, Kabite.

19 Ang "*binurong bata*" ay tinalakay din ni Reynaldo C. Ileto sa kanyang aklat na Pasyon and Revolution, (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1998) p.22.

20 Panayam kay Augusto Nigoza, Marso 12, 2003. Taped Interview. Ternate, Kabite.

21 Panayam kay Parish Lipar, Marso 12, 2003. Taped Interview. Ternate, Kabite.

22 Panayam kay Albert Trias, Hunyo 20, 2003. Taped Interview. Heneral Trias, Kabite.

23 Panayam kay Dr. Oscar R. Malimban, Pebrero 19, 2003. Taped Interview. Maragondon, Kabite.

24 Ang araw ng Biyernes Santo ang pinakamahalagang araw upang subukan ang mga anting-anting. Nguni't para sa ibang nag-iingat ng mga ganito, kahit anong araw daw ay puwede itong subukan.

25 Bilang isang banal na lugar, ang Bundok Banahaw ay itinuturing bilang isang sentro na bukal ng mga lihim at hayag na kapangyarihan.

26 Panayam kay Virgilio A. Alba, Marso 07, 2003. Taped Interview. Heneral Trias, Kabite.

27 Isla Balut, napuntahan ko ang lugar na ito sa Ternate, Kabite dito nagsusubukan ang mga kasapi ng "Haring Bakal" kapag araw ng Biyernes Santo.

28 Ang kabal ay isang uri ng anting-anting na kung saan ang nag-iingat ay hindi tinatablan ng bala ng baril at taga ng itak.

29 Isa sa mga popular na iniingatan ng mga mag-aanting-anting sa Kabite.

30 Isa ito sa mga ipinakitang anting-anting ni Nardong Putik sa kanyang pelikula.

31 Panayam kay Lamberto F. Maglaqui, Jr. Setyembre 24, 2005. Taped Interview. San Antonio II, Nobeleta, Kabite.

32 Ayon sa aklat ni Nenita D. Pambid na "Anting-anting o Kung Bakit Nagtatago sa Loob ng Bato si Bathala", si Bienvenido Herrera ay nagmana ng husay sa paggawa ng mga medalyon mula sa kanyang tiyuhin na si "Tandang Ano" o Icasiano Nazaire. Mula sa aking panayam kay Gng. Marcelina F. Herrera o Aling Lina si Tandang Ano ay isa sa mga tagapagtatag ng samahang pangrelihiyon na "AKO".

33 Prospero R. Covar, Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture, (Maynila: NCCA, 1998) p. 45.

34 Ibid. p. 97.

Sanggunian

Aklat/Monograph

Agoncillo, Teodoro A. *The Revolt of the Masses: The Story of Bonifacio and the Katipunan.* Quezon City: University of the Philippines Press, 1996 Edition.

Aguilar, Jr. Filomeno V. *Clash of Spirits, The History of Power and Sugar Planter Hegemony on a Visayan Island.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1998.

Anderson, Benedict R. O'G. "*The Idea of Power in Javanese Culture.*" In Culture and Politics of Indonesia. ed. By Claire Holt, Benedict R. O'G. Anderson, and James Siegel. Ithaca: Cornell University, 1972.

Bankoff, Greg. *Crime, Society and the State in the Nineteenth-Century Philippines.* 2nd printing. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2000.

Cannell, Fenella. *Power and Intimacy in the Christian Philippines.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999.

Covar, Prospero R. *Larangan.* Maynila: National Commission for Culture and the Arts, 1998.

Fajardo, Brenda V. *Sining, Paniniwala at Pulitika* sa Ang Sining sa Kasaysayang Pilipino. Alice G. Guillermo, et al. Quezon City: University of the Philippines Press, 1991.

Gealogo Francis. *Hermeneutika ng Pakikipagtunggali: Ang Pagpapakahulugan sa Diskurso ng Pakikibakang Panlipunan,* eds. N.M.R. Santillan at M.B.P. Conde Lunsod Quezon: Limbagang Pangkasaysayan (LIKAS), 1998.

Ileto, Reynaldo C. *Pasyon and Revolution.* 5th printing. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1998.

Love, Robert S. *The Samahan of Papa God Tradition and Conversion in a Tagalog Peasant Religious Movement.* Manila: Anvil Publishing, Inc., 2004.

May, Glenn Anthony. *Battle for Batangas A Philippine Province at War.* Quezon City: New Day Publishers, 1993.

Medina, Isagani. *Cavite before the Revolution.* Quezon City: CSSP Publications, 1994.

Meñez, Herminia. *Explorations in Philippine Folklore.* 2nd printing. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999.

Mojares, Resil B. " The Epiphany of Pedro Calungsod," in *Lives at the Margin: Biography of Filipinos Obscure, Ordinary and Heroic.* ed. Alfred W. Mc Coy. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2000.

Pambid, Nenita D. *Anting-anting o Kung Bakit Nagtatago sa Loob ng Bato si Bathala.* Quezon City: University of the Philippines Press, 2000.

Paterson, James Hamilton. *America's Boy The Marcoses and the Philippines.* 3rd Printing. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2000.

Sidel, John. *Walking in the Shadow of the Big Man: Justiniano Montano and Failed Dynasty Building in Cavite 1935-1972.* in An Anarchy of Families: State and Family in the Philippines, edited by

Alfred W. Mc Coy. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, Fourth Printing 2002.

Tan, Samuel K. *The Filipino-American War, 1899-1913*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2002.

Mga Panayam

Alba, Virgilio A. Heneral Trias, Kabite. Marso 07, 2003.

Anglo y Castronuevo, Clarita Maligaya Tañagras. Bucal I, Margondon, Kabite. Marso 06, 2001.

Bergado Francisca Glodo. Bucal I, Maragondon, Kabite. Marso 10, 2001.

Caber, Ogie. Sapang, Ternate, Kabite.Marso 12, 2003.

Cruto, Valentina R. Lapidario Street, Lungsod ng Trece Martires, Kabite. Marso 06, 2003

Dadula, Esther M. Sabang, Dasmariñas, Kabite. Pebrero 27, 2003.

Diesta, Teodoro. Heneral Trias, Kabite.Marso 03, 2003.

Gulapa, Natividad Jimenez Riel. Kaingen, Maragondon, Kabite Marso 05, 2001.

Herrera, Marcelina F. San Antonio II, Nobeleta, Kabite. Setyembre 24, 2005.

Jimenez, Leoncio Jr. Infant Jesus Academy, Silang , Kabite. Marso 11, 2003.

Lipar, Parish. Ternate, Kabite. Marso 12, 2003.

Maglaqui, Jr. Lamberto F. San Antonio II, Nobeleta, Kabite. Setyembre 24, 2005.

Magsino Beatriz. Purok 12, Bacao, Heneral Trias, Kabite. Hunyo 08, 2003.

Malimban, Oscar R. St. Benedict Family Clinic, Maragondon, Kabite. Pebrero 19, 2003.

Maraña, Gregorio. Biga, Silang, Kabite. Marso 11, 2003.

Maturino, Teodolo. Bucal I, Maragondon, Kabite. Marso 04, 2003.

Mojica, Alberto. Agus-os, Indang, Kabite. Pebrero 20, 2003.

Nigoza, Augusto. Ternate, Kabite. Marso 12, 2003.

Nuestro, Filomena. Agus-os, Indang, Kabite. Pebrero 20, 2003.

Sison, Lauro. J. Luna Street, Heneral Trias, Kabite. Enero 8, 2002.

Trias, Albert. J. Luna Street, Heneral Trias, Kabite. Hunyo 20, 2003.

Glosari

Alikbangon/Ulikbangon. Isa itong uri ng halamang damo na matatagpuan sa mga bukirin. Kadalasan ito ay tuyo na animo'y patay kapag tag-araw nguni't buhay na buhay kapag sumapit ang tag-ulan. Dito inihahalintulad ang kapangyarihan kung mayroong mutya ng halamang ito na kapag nabasa raw ng tubig kahit na patay na ay muling mabubuhay.

Bayugo. Mga buto ito ng tuhod ng tao, isa ring pinagmumulan ng kapangyarihan. Ang bayugo ayon sa isang kinapanayam ay mayroong orasyon na binubuo ng tatlong Ama Namin, tatlong Aba Ginoong Maria, tatlong Sumasampalataya at tatlong Aba Po.

Binurong Bata/Burong Bata. Uri ito ng kabal na sinasabing isa sa mga uri ng kapangyarihan ni Leonardo Manicio.

Kabal. Uri ito ng proteksyon para sa mga bala ng baril at taga ng mga matatalim na bagay. Isang uri din ito ng anting-anting na nakaukol sa pagkalalaki o katapangan.

Kalmen. Proteksyon ito para sa bati/usog ng mga sanggol. Ginagamit din itong proteksyon laban sa mga kaaway. Kadalasa'y kulay pula at kuwadrado ang anyo ng mga ito, nabibili sa mga harapan ng simbahang Katoliko.

Gabot/Panggagabot. Ito ang sapilitang pag-agaw sa isang babae upang kasamahin o gawing asawa.

Gamit/Galing. Tawag o taguri din ito sa anting-anting / agimat sa lalawigan ng Kabite.

Medalyon. Uri ito ng anting-anting na gawang-tao, ito ay may kasamang orasyon na siyang pagkain nito.

Mutya. Uri ito ng mga anting-anting na nagmula sa kalikasan.

Subo. Mga uri ito ng anting-anting na nasa loob ng katawan ng nag-iingat, iniluluwa lamang ito kapag ipinapasa sa ibang tao o kung ang nag-iingat ay malapit nang mamatay. Ang mga manghihilot at albularyo ang kadalasang may taglay ng mga subo.

Taong-labas. Popular na tawag ito sa mga taong kaaway ng batas sa Kabite.

Tigalpo. Mga salitang Latin ito na ginagamit upang makaiwas sa kapahamakan o sa lihim na kaaway.

Indeks

A

abduction of women, 6
agimat, 36
albularyo, 56
Aling Fely, 28
Aling Precy, 10, 11
Ama, 39
Andres Bonifacio, 3
ang "ama" ng ama, 50
Angelita, 22
anting-anting, 36
Apolonio, 8
Araneta Kidnap Case, 14
Asoge, 53

B

Bacao, 5
Baclaran, 9
Batangas, 2, 5
bato, 37
bayugo, 40
Beatriz "Bating" Magsino, 25
  Aling Bating, 24, 25, 26, 27, 28
beinte-otso familiares, 50
Benedict Anderson, 12
Bianong Bulag: (One Eyed Terror of Cavite), 9
Bibiano "Bianong Bulag" Anglo, 7
  Biano, 8, 9
  Bianong Bulag, 7
Bienvenido Nazaire Herrera, 50
  Bienvenido, 50
Bikol, 28
Binangonan, Rizal, 39
binurong bata, 39, 49, 50
Birhen ng Baclaran, 27
Bisa, 54
Bisaya, 38
Biyernes Santo, 36, 39, 42, 49
Blesser/Blessor 38, 49
Boy Noneng, 46
Brenda V. Fajardo, 3
Bulong, 54, 56
Bundok Banahaw, 43, 45, 46, 47, 52
Buntot ng Butiki, 53

C

Camp Crame, 27
Candaba, Pampanga, 12
Carungcong Subdivisión, 22
Catalino, 7
cattle rustling, 6, 8
Cavite Before the Revolution (1994), 4
Clarita, 7
Congressman Polly Beratio, 42
Congressman Telesforo Unas, 42

D

Damaso Fajardo, 25
Dasal, 40
Dasmariñas, 4, 20, 22, 25, 27
dayap, 37
demonyo, 44
depensa, 49
dignum, 49
Dionisio, 3
Don Vicente Araneta Kidnapping, 7
Doring, 10
Dr. Oscar Malimban, 41
  Dr. Malimban, 42, 43, 44

E

Eliodoro "Doring" Bergado, 7
Eliodoro Jr., 10
Elvis Presley, 24
Emil Narido, 38, 49
Emilio Aguinaldo College, 22
Engkanto, 44, 47, 56
Epitacio, 22
ermitanyo, 37
Estados Unidos, 15, 24
Esther, 21, 22, 23, 31
Esther Manicio Dadula, 22

F

Feliciana Gatdula Nolasco, 22
Fenella Cannell, 39
Ferdinand E. Marcos, 2, 32
Filomeno V. Aguilar, Jr., 37
Flor de Castro, 27
Francis A. Gealogo, 5
Francisca, 10

G

"gabot", 7
gamit, 36
gang, 5
gatas, 37
gatas ng ina, 42
Gng. Natividad Gulapa, 12
Gregorio Sangalang, 19
Gulapa, 12

H

Haring Bakal, 38, 39, 49
heirlooms, 56
Hen. Miguel Malvar, 2
Heneral Emilio Aguinaldo, 2, 14
  Aguinaldo, 2
Heneral Trias, 4, 14, 47, 54
Herminia Meñez, 36
Hermosa, Bataan, 50
Hilario, 7
Hukbalahap, 6, 8, 9

Indeks

I

Ibinaong mga Batong Brilyante sa Pagitan ng mga Daliri, 53
Imus, 4, 20
Imus Productions, 9
Ina ng Laging Saklolo, 27
Indang, 54
Indonesia, 12
infinito dios, 50
Inquilinos, 4
Intsik, 6
ipinatataga, 49
Isagani R. Medina, 2, 4
  Isagani, 10
Isla Balut, 38
Isla Kamandag, 38
ispiritista, 52
ispirituwalidad, 52

J

Jacinto Leuterio, 3
Javanese, 12
John Sidel, 14
Juan, 23
Jun, 50

K

Ka Gorio, 37
kabal, 38, 39, 40, 54
kalamansi, 37
Kaliwa, 40, 44
kalmen, 23
karunungan, 52
Kawit, 5, 14
kinukulam, 48
kneecap, 40
Kristong ang mata ay kumikislap, 9

L

La madre de los ladrones, 5
Labac, 7
Laguna, 5
lakas, 40
lamang-lupa, 53
Lamberto, 50
larong sugal, 53
Lauro Sison, 14
Leo, 39
Leonardo Jr., 27, 28
Leonardo Malihan Manicio, 22
  Leonardo, 42
  Leonardo Manicio, 6, 13, 14, 15, 21
  Nardong Putik, 13, 22, 24, 26, 56
  Nardo, 19, 20, 27, 28, 29, 30, 31
Leonisa Lanez, 41
Ligtong, 5
lihim na karunungan, 50, 54
lihim na salita, 54
lihis-bala, 39
likas na bisa, 47
Lola Claring, 7, 8, 9
Lola Menang, 37
Lola Nating, 12
Lolo Augusto, 39
Lolo Dolo, 37
Lolo Sinto, 3
Lourdes Caldejon, 15
Luis de los Santos, 5
  Luis Parang, 5
Luyang Itim, 53

M

Magallanes, 10, 39
Mahal na Araw, 45, 47, 49, 56
Malabon, 14
Malagasang, Imus, 22
Malainen Bago, 7
malapitin sa kidlat, 53
maligno, 56
mambabales, 48
mambabarang, 48
Manecio, 21
  Manicio, 6, 20
Mang Albert, 40
Mang Ben, 50, 56
Mang Boy, 46, 47, 48, 49, 50, 52
Mang Enteng, 37
Mang Gorio, 38
Mang Lureng, 14, 15, 18, 19, 20
manggagamot, 53, 56
manghihilot, 54
mangkukulam, 48
mangtatawas, 54
manoso, 36
Maragondon, 4, 7, 41, 54
Maragondon Massacre, 14
Marcelina F. Herrera, 50
masasamang espiritu, 53
matataas na karunungan, 53
Maurito, 10
Maynila, 38
Mayor Patrocinio Gulapa, 11
medalyang tres pico na iisa ang mata, 49
medalyon, 47, 48, 49, 54, 56
Medina, 4
Mga Mata ng Pusang Itim, 53
Mga Panalanging Pabaligtad, 53
Mindanao, 38
misteryosong bundok, 46
monstrance, 53
Muntinlupa, 10
Muta ng Pusang Itim, 53
mutya, 28, 37, 46, 54
mutya ng Alikbangon/Ulikbangon, 47

Indeks

N

Naik, 7
Nanay Tinay, 37
nanggagamot, 46
National Historical Institute, 42
Negros, 3
Nenita Pambid, 56
Ngipin ng Kalabaw, 53
niyog na walang mata, 49
Noralyn, 28
Nobeleta, 12, 15, 50, 54, 56

O

Ogie Caber, 38
　Ogie, 39
oración, 37
orasyon, 28, 36, 39, 40, 43, 44, 46, 47, 49, 53, 54, 56

P

pa-krus na daan, 53
pagbuga ng hangin, 48
pagkalalake, 40, 47
pagkunat ng balat, 53
pagnanakaw ng kalabaw, 6
pagsusugal, 53
pakakainin, 53
Pambansang Suriang Pangkasaysayan, 42
pampalubag loob, 42, 47
panaginip, 37
pananampalataya, 52
panggagabot, 6
Pangil ng Kidlat, 53
pangungulam, 49
paniniwala, 52
panyo, 50, 54, 56
Papa Isio, 3
Parish Lipar, 39
　Parish, 39
Patrocinio Gulapa, 7
　Patrocinio, 11
Philippine Constabulary, 9, 14, 19
"pikot", 7
Piting, 22
Poong Maykapal, 44
Prospero R. Covar, 52
Pulahan, 38, 39
Pulajanes, 38
Purok 12, Bacao, Heneral Trias, Kabite, 24

Q

Quiapo, 50, 56

R

Ramadan, 45
Ramon Revilla, 7, 9
Raymundo M. Lubang, 42
Resil B. Mojares, 7
Reynaldo C. Ileto, 3
Rizalista, 52

S

Sabang, Dasmariñas, 22, 28
sabaw ng buko, 42
sagradong pook, 52
Sambal, 15
San Francisco de Malabon, 4, 14
San Miguel Arkanghel, 47
Sangalang, 19
Santissimo, 53
Saturno Lipar, 39
Saudi Arabia, 45
Sementeryo del Norte sa Maynila, 40
Siete Palabras, 53
Silang, 37, 39, 54
sinturon sa baywang, 50
subo, 36, 37, 56
sweepstakes, 18

T

taga-bulag, 40
taong-labas, 9, 36
Ternate, Kabite, 49
　Ternate, 38, 39, 49
tigalpo, 42
Tinoy Granados, 18
titik ng medalyon, 50
Todos Los Santos, 53
Trece Martires, 54
tres pico, 49
tropa, 5
tsaleko (*vest*), 9
tuktok ng ulo, 48
tulisan, 9
tulisanes, 36
Tulisanismo, 2, 4

U

Upland towns, 4

V

Vendetta, 5
Virgilio "Boy" Alba, 45, 47
　Virgilio Alba, 46

W

wikang Latin, 43, 49
Wilfredo, 10

Suzzallo/Allen Stacks



JEFFREY ALFARO LUBANG tubong Heneral Trias, Kabite, siya ay isinilang sa ilalim ng signos ng alimango noong 1969. Nagtapos ng Bachelor of Science in Foreign Service sa Lyceum of the Philippines, Intramuros, Maynila. Nakatapos din ng kursong Master of Arts in Art Studies (major in Art History) sa University of the Philippines sa Diliman, Lungsod ng Quezon. Naglingkod sa National Historical Institute bilang shrine guide hanggang maging researcher/curator mula 1993 hanggang 2004. Nakapaglathala na rin ng ilang tula sa ANI ng Cultural Center of the Philippines. Unang nagturo sa Cavite Westpoint College, Ternate, Kabite. Sa kasalukuyan siya ay assistant professor at nagtuturo ng Kasaysayan ng Pilipinas at Kursong Rizal sa De La Salle University-Dasmariñas sa ilalim ng Social Sciences Department at Faculty Researcher/Events Coordinator sa Cavite Studies Center ng nasabing institusyon. Siya ay kumukuha ng doktorado sa Kasaysayan sa University of Santo Tomas.

Sa proyekto na ito, isang paglalarawan ng ibang aspekto ng kultura ng paniniwala sa anting-anting ang isisiwalat. Mahalaga na mabatid ang kuwento ni Nardong Putik kaugnay sa usapin ng kanyang pagiging taong-labas at ang mito ng kanyang anting-anting. Sa pagkakataong ito ay ang panglipunang kinalalagyan ng isang kultura ang mababasa mula sa mga impit na tinig na sinikil ng matagal-tagal ding panahon. Ito ang kuwento nila, ang mga taong tunay na nakasawsaw sa paniniwala sa mga kapangyarihan na hindi maipaliwanag ng siyensiya.

Ang kuwento ng anting-anting sa Kabite, may bisa nga ba sila?

ISBN 971-92590-6-X